# 2025
# PINAGTIBAY NA BADYET NG BAYAN



## ADYENDA PARA SA KASAGANAAN:
Pagtupad sa mga Pangangailangan at Adhikain ng mga Pilipino

Ang pagsipi, pagkopya, paglilimbag, at/o pagpapakalat ng publikasyong ito ay pinahihintulutan nang mahigpit para lámang sa di-komersiyal na gámit, hal., para sa publikong impormasyon, pang-edukasyon, at personal na mga layunin, at may kaukulang pagkilála sa Kagawaran ng Badyet at Pamamahala (DBM) at sa iba pa nitong pinagkunan ng datos/impormasyon. Ang DBM ay hindi mananagot sa anumang mga isyung magmumula sa paggawa nito.

Ang pagsasalin ng publikasyong ito ay isinangguni at ipinasuri sa Sangay ng Salin, Komisyon ng Wikang Filipino.

**Disenyo ng Pabalat:** Ma. Soraya E. Salvador

**Mga Pinagkunan ng mga Larawan:** Kagawaran ng Edukasyon, Kagawaran ng mga Pagawaing Bayan at Lansangan, Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad, Pangasiwaan sa Edukasyong Teknikal at Pagpapaunlad ng Kasanayan, DBM-Media Affairs and Community Relations Office, Mrsiraphol, Jeswin, Freepik

+63 2 8657 3300

/DBMgovPH

dbm.gov.ph

publications_division@dbm.gov.ph

Ang Ingles na bersiyon ng publikasyong ito ay maaaring maakses sa DBM website.



2025 Pinagtibay na Badyet ng Bayan

# TALAAN NG NILALAMAN


| | |
|---|---|
| Paunang Salita | 2 |
| **Ang 2025 Pinagtibay na Badyet ng Bayan** | |
| Adyenda para sa Kasaganaan: Pagtupad sa mga Pangangailangan at Adhikain ng mga Pilipino | 4 |
| **Mga Dimensiyon ng Badyet** | |
| Batay sa Sektor (Dáting Sistema) | 6 |
| Batay sa Sektor (COFOG) | 8 |
| Batay sa Klasipikasyon ng Gugulin | 10 |
| Batay sa Recipient Unit | 12 |
| Batay sa Rehiyon | 14 |
| Batay sa Special Purpose Fund | 16 |
| Batay sa Pinagkukunan ng Laang-gugulin | 18 |
| **Mga Priyoridad sa Paggugol** | |
| Edukasyon | 20 |
| Kalusugan | 22 |
| Pangangalagang Panlipunan | 24 |
| Seguridad sa Pagkain | 26 |
| Industriya, Paggawa, at Turismo | 28 |
| Agham at Teknolohiya | 30 |
| Impraestruktura | 32 |
| Kapayapaan at Kaayusan | 36 |
| Pamamahala | 38 |
| Kapaligíran | 40 |
| **Pagpipinansya sa Pambansang Badyet** | |
| Ang 2025 Badyet at ang Ekonomiya | 42 |
| Programang Pampananalapi | 43 |
| Rentas | 44 |
| Mga Panghihiram | 45 |
| **Ang mga Batayang Kaalaman sa Pagbabadyet** | |
| Siklo ng Badyet | 46 |
| Glosaryo | 48 |
| Itanong sa Pámahalaán | 49 |
| Mga Off-Budget Account | 50 |

# Paunang Salita

*Assalamu alaikum wa Rahmatullah wa Barakatuh.*

Ikinalulugod naming ibahagi ang Pinagtibay na Badyet ng Bayan, ang pinasimpleng bersiyon ng PT 2025 General Appropriations Act (GAA). Ang publikasyong ito ay katibayan ng hindi natitinag na pangako ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala sa pagiging bukas, may pananagutan, at paglahok sa publikong pamamahala, tinitiyak na ang bawat Pilipino ay madaling naiintindihan kung paano inilalaan ang yaman ng bansa upang makamit ang ating mga pinagkaisang mithiin.

Ang naaprobahang badyet na Php 6.326 trilyon para sa 2025 ay nagbibigay-daan para sa buong pagpapatupad ng mga estratehikong pamumuhunang magbibigay kakayahan ng mga indibidwal at pamilyang Pilipino, magpapatibay sa mga pangunahing industriya, at magbubuo ng matatag na ekonomiya. Ang lebel ng paggugol na ito, katumbas ng 22.1% ng ating Gross Domestic Product (GDP), ay tinitiyak din na ang mga priyoridad sa pampananalapi ay nakahanay sa ating mga target para lumago ang ekonomiya.

**Pagpapalakas ng Kakayahan ng mga Pilipino sa Pamamagitan ng mga Mahahalagang Serbisyo**

Ang Edukasyon ay patuloy na makatatanggap ng pinakamalaking bahagi ng Pambansang Badyet, habang tinitiyak na may sapat na pondo para sa mga publikong paaralan, pampámahalaáng unibersidad at kolehiyo, mga scholarship, at pagsasanay na pangteknikal-bokasyonal, bukod sa iba pa. Ang puhunang ito ay nagpapatunay ng ating pangakong magbigay sa bawat Pilipino ng de-kalidad na edukasyon at mga kasanayang handa para sa hinaharap.

Ang pámahalaán ay nakakuha rin ng sapat na mga pondo para sa pagpapalawak ng akses sa pangangalagang pangkalusugan, pagpapabuti ng mga programa sa pangangalagang panlipunan, at pagpapalakas ng mga inisyatiba sa seguridad sa pagkain. Ang mas mataas na mga alokasyon para sa Kagawaran ng Kalusugan at mga programang pangkalusugan ay lalong magpapabuti sa mga serbisyong medikal, lalo na sa mga lugar na hindi naaabot ng tulong. Nagbibigay-suporta rin ang badyet sa mga programa para sa mas abot-kayang pabahay upang magbigay sa mas maraming pamilya ng disenteng pamumuhay.

**Pagpapatibay ng mga Pangunahing Industriya at Paglikha ng mga Trabaho**

Sa pamamagitan ng buong pagpapatupad ng 2025 Pambansang Badyet, ating mapabibilis ang pagbabagong pang-ekonomiya ng bansa bílang ang badyet ay naglaan ng pondo upang gawing makabago ang agrikultura, palawakin ang negosyo sa agrikultura, at pasiglahin ang mga pangunahing industriya para matiyak ang seguridad sa pagkain, dagdagan ang pagiging produktibo, at lumikha ng mga trabaho. Atin ding binibigyang priyoridad ang pagsuporta sa mga micro, small, and medium enterprise (MSME) at mga bagong negosyong digital, na siyang maglilinang ng kaligiran para sa inobasyon at kakayahang makipagsabayan sa mundo.

**Pagbuo ng Ekonomiyang Handa sa Hinaharap at Sustenible**

Patuloy rin ang pámahalaán sa pagkamit ng adyendang pang-impraestruktura nito na Build Better More, na naglalaan ng Php 1.507 trilyon upang mas gawing makabago ang mga network ng transportasyon, pagbutihin ang koneksyong digital, at patatagin ang energy sustainability. Ito ay naglalayong bumuo ng kapaligirang sumusuporta sa mga namumuhunan sa pamamagitan ng pagbabawas ng gastos sa lohistika at pagpapabuti ng mobility, at, sa huli, magdadala ng ekonomiya tungo sa mataas na paglago.

Gayundin, bílang pagresponde sa agarang pangangailangan para sa aksyong pangklima, binibigyang priyoridad din ng badyet na ito ang mga programa sa katatagan laban sa sakuna at pag-angkop sa klima upang pangalagaan ang mga komunidad laban sa mga kalamidad na likás at gawa ng tao.

Sa pagkasa ng 2025 Pambansang Badyet, tayo ay nagtitiwalang maaabot ang target nating paglago ng GDP nang 6.5% hanggang 7.5%, na naglalagay sa Pilipinas bílang isa sa mga nangungunang ekonomiya sa rehiyon.

Iniimbitahan namin kayong siyasatin ang publikasyong ito upang makita kung paano pinupunan ng PT 2025 badyet ang mga pangangailangan at mga adhikain ng Pilipino, kahanay ng ating Philippine Development Plan, tungo sa pagkamit ng ating Adyenda para sa Kasaganaan.

*Wabillahi Tawfiq Wal Hidaya, Wasalamu alaikum wa rahmatullahi wa Barakatuh.*

**Amenah F. Pangandaman**
**Kalihim**

"Ang PT 2025 badyet ay tumutugon sa mga pangangailangan at mga adhikain ng Pilipino, kahanay ng ating Philippine Development Plan, tungo sa pagkamit ng ating Adyenda para sa Kasaganaan."




### Adyenda para sa Kasaganaan:

# Pagtupad sa mga Pangangailangan at Adhikain ng mga Pilipino


Ang pámahalaán ng Pilipinas ay nananatiling nangangako sa paghubog ng mas magandang búkas para sa bansa. Para sa 2025, ang Php 6.326 trilyong Pambansang Badyet ay nakatuon sa mga pangunahing bagay tulad ng seguridad sa pagkain, pangangalagang pangkalusugan, at impraestruktura—na may layuning bumuo ng mga makabuluhang pagbabago na magpapaunlad sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino at magpapalago ng sósyo-ekonómikóng pag-unlad.

## Ang Tatlong Haligi ng 2025 Pinagtibay na Badyet




**Haligi I:**

**Paunlarin at Protektahan ang mga Kakayahan ng mga Indibidwal at mga Pamilya**



**Haligi II:**

**Baguhin ang mga Sektor ng Produksiyon upang Makabuo ng Mas De-kalidad na Trabaho at Mas Mayroong Kakayahang Makipagsabayan na mga Produkto**



**Haligi III:**

**Lumikha ng Isang Enabling Environment na Sumasaklaw sa mga Institusyon, Pisikal at Likas na Kaligiran**

Ang 2025 Pambansang Badyet ay isang patunay sa pangako ng pámahalaán sa pagtupad ng mga kailangan at pangarap ng mga Pilipino. Ang Administrasyon ay nagsusumikap na tugunan ang mga pangangailangan ng bansa at makamit ang mga pangmatagalang layunin sa pamamagitan ng pagtiyak ng pagpapatupad ng mga programa at mga proyektong nakatuon sa mga priyoridad ng pámahalaán tulad ng seguridad sa pagkain, kalusugan, pangangalagang panlipunan, at impraestruktura, bukod sa iba pa. Ang paggawa ng Badyet na ito gamit ang pamamaraang pangmalawakan sa pámahalaán at lipunan ay nagtitiyak na ang bawat piso ay maglilingkod sa mga tao at bubuo ng mas matibay na kinakabukasan para sa lahat. Ito ay higit pa sa isang planong pampananalapi; ito ay isang puhunan sa mga pag-asa, mga pangarap, at kinabukasan ng sambayanang Pilipino.




## Mga Highlight ng Veto ng Pangulo

### Direktang Veto



**Php 26.1 bilyon**


**Mga programa at mga proyekto ng Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan**



**Php 168.2 bilyon**


**Di-Nakaprogramang Laang-gugulin**

### Kondisyonal na Pagpapatupad



**Mahigpit na Pagsunod sa mga Batas, mga Polisiya, mga Patakaran, at mga Regulasyon**

- Pagpapatupad ng mga Pangunahing Programa (Ayuda sa Kapos ang Kita Program, PAyapa at MAsaganang PamayaNAn Program, at Basic Infrastructure Program)
- Mga Proyektong Foreign-Assisted
- Bayad ng mga Retirement Benefit at Pensiyon
- Pangangasiwa at Ibang Gastos sa Operasyon
- Mga Resibo at mga Rentas na Nakolekta Mula sa Pag-angkat ng Bigas
- National Disaster Risk Reduction and Management Fund
- Rewards and Incentives Fund



**Nakabahaging mga Pananagutang Pampananalapi**

# Mga Dimensyon ng Badyet

## Batay sa Sektor (Dáting Sistema)

Ang 2025 Pambansang Badyet ay binalangkas upang isulong ang Adyenda Para sa Kasaganaan ng pámahalaán sa pamamagitan ng pagbibigay priyoridad sa mga pangunahing bagay, tinitiyak na ang bawat alokasyon ay nakatuon sa pagpapatuloy ng pag-unlad at pagtugon sa higit na mga pangangailangan ng bansa.

### Serbisyong Panlipunan

▼4.1%

**2025: Php 2.030 T**
2024: Php 2.116 T

Upang mapabuti ang pangkalahatang kalidad ng pamumuhay sa bansa, Php 2.030 trilyon o 32.1% ng Pambansang Badyet ang inilaan para sa mga mahahalagang programa sa pangangalagang panlipunan, edukasyon, kalusugan, empleo, bukod sa iba pa.

**Mga Pangunahing Paglalaan**

| | |
|---|---|
| • Edukasyon, kultura, at pagpapaunlad ng lakas-tao | Php 1.041 T |
| • Subsidyo sa mga lokal na yunit ng pámahalaán (LGU) | Php 415.9 B |
| • Panlipunang Seguridad, Kagalingan, at Empleo | Php 283.7 B |

### Serbisyong Pang-ekonomiya

▲10.9%

**2025: Php 1.968 T**
2024: Php 1.775 T

Upang pasiglahin ang pang-ekonomiyang aktibidad, Php 1.968 trilyon o 31.1% ng Pambansang Badyet ang inilaan para sa pagtatayo ng mga pangunahing proyektong publikong impraestraktura, pagpapatupad ng mga programa sa agrikultura at repormang agraryo, at pagpapaunlad ng yamang tubig at mga hakbang sa pagkontrol ng baha, bukod sa iba pa.

**Mga Pangunahing Paglalaan**

| | |
|---|---|
| • Mga komunikasyon, mga kalsada, at iba pang transportasyon | Php 899.0 B |
| • Subsidyo sa mga LGU | Php 393.4 B |
| • Pag-unlad ng mga Mapagkukunan ng Tubig at Pagkontrol ng Baha | Php 308.3 B |

## Pangkalahatang Serbisyo Publiko

**▲19.4%** **2025: Php 1.073 T**
2024: Php 898.6 B

Upang mapanatili ang publikong kaayusan at kaligtasan sa bansa, Php 1.073 trilyon o 17.0% ng pambansang badyet ang inilaan para suportahan ang mga aktibidad ng pangkalahatang pámahalaán at iba pang mga serbisyo sa pamamahalà at regulasyon, bukod sa iba pa.

**Mga Pangunahing Paglalaan**

| | |
|---|---|
| • Publikong Kaayusan at Kaligtasan | Php 455.8 B |
| • Subsidyo sa mga LGU | Php 314.7 B |
| • Pangakalahatang Pamamahalà | Php 255.6 B |

## Tanggulan

**▲36.2%** **2025: Php 378.9 B**
2024: Php 278.1 B

Upang pagtibayin ang soberanya ng bansa at ipagtanggol ito mula sa mga panlabas at panloob na banta, Php 378.9 bilyon o 6.0% ng Pambansang Badyet ang gagamitin para sa modernisasyon at pagpapalakas ng kakayahan nito sa pagtatanggol.

**Pangunahing Paglalaan**

| | |
|---|---|
| • Panloob na seguridad | Php 378.9 B |

## Debt Burden

**▲25.4%** **2025: Php 876.7 B**
2024: Php 699.2 B

Upang pangasiwaan ang obligasyon sa mga utang ng bansa, Php 876.7 bilyon o 13.9% ng Pambansang Badyet ay ilalaan sa pagbabayad ng interes para sa mga lokal at dayuhang utang, kabílang ang net lending sa mga korporasyon ng pámahalaán.

**Mga Pangunahing Paglalaan**

| | |
|---|---|
| • Debt Service Fund-Interest Payments | Php 848.0 B |
| • Net Lending | Php 28.7 B |

*Talâ: Maaaring hindi magtugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*

# Mga Dimensyon ng Badyet

## Batay sa Sektor (COFOG)

Ang 2025 Pambansang Badyet ay inuurì din sa pamamagitan ng Classification of the Functions of Government (COFOG) upang magbigay ng mas malinaw na larawan ng mga pambansang priyoridad at kung paano ginagamit ang mga publikong mapagkukunan batay sa layunin at pakinabang nito sa lipunan.

## Mga Sektor na Pinakikinabangan ng Buong Lipunan

**2025: Php 2.812 T**
2024: Php 2.338 T
### Mga Pangkalahatang Serbisyo Publiko

- Mga lawas ehekutibo at lehislatibo, mga ugnayang pinansiyal at piskal, mga ugnayang panlabas — Php 1.145 T
- Mga transaksiyon kaugnay sa utang ng pámahalaán — Php 862.5 B
- Mga pangkalahatang serbisyo — Php 648.2 B

**2025: Php 958.4 B**
2024: Php 836.5 B
### Ugnayang Pang-ekonomiya

- Transportasyon — Php 704.9 B
- Agrikultura, pangangasiwa ng kagubatan, pangisdaan, at pangangaso — Php 199.0 B
- Mga ugnayan sa pangkalahatang ekonomiya, komersiyal, at paggawa — Php 21.4 B

**2025: Php 324.9 B**
2024: Php 304.6 B
### Publikong Kaayusan at Kaligtasan


- Mga serbisyo ng pulisya — Php 198.1 B
- Mga hukuman — Php 46.0 B
- Mga bilangguan — Php 33.8 B

**2025: Php 267.2 B**
2024: Php 260.8 B
### Tanggulan

- Tanggulang militar — Php 261.2 B
- Tanggulang sibil — Php 5.6 B
- Saliksik at pagpapaunlad ng depensa — Php 211 M

**2025: Php 24.3 B**
2024: Php 23.9 B
### Proteksiyóng Pangkapaligiran

- Proteksiyón sa biodiversity at kalupaan — Php 8.8 B
- Pagpigil sa polusyon — Php 2.8 B
- Pamamahala ng basura — Php 2.5 B



## Mga Sektor na Direktang Pinakikinabangan ng mga Indibidwal

**2025: Php 942.0 B**
2024: Php 928.2 B
### Edukasyon

- Premarya at primaryang edukasyon — Php 330.7 B
- Edukasyong sekundarya — Php 307.8 B
- Edukasyong tersiyarya — Php 120.5 B

**2025: Php 722.8 B**
2024: Php 746.1 B
### Pangangalagang Panlipunan

- Mga survivor (Gender and Development, mga Internally Displaced Person, at Disaster Relief Assistance) — Php 96.9 B
- Pantawid Pamilyang Pilipino Program o ang Conditional Cash Transfer (CCT) — Php 64.2 B
- Katandaan (Mga Senior Citizen) — Php 52.8 B

**2025: Php 255.6 B**
2024: Php 313.7 B
### Kalusugan

- Mga serbisyo sa ospital — Php 118.5 B
- Mga serbisyo sa publikong kalusugan — Php 115.1 B
- Mga produktong medikal, aparato, at kagamitan — Php 20.3 B

**2025: Php 10.7 B**
2024: Php 8.8 B
### Pabahay at mga Serbisyong Pampamayanan

- Suplay ng tubig — Php 6.1 B
- Pagpapaunlad ng pabahay — Php 2.7 B
- Pagpapaunlad ng pamayanan — Php 1.9 B

**2025: Php 8.8 B**
2024: Php 7.5 B
### Libangan, Kultura, at Relihiyon


- Mga serbisyong pangkultura — Php 4.9 B
- Mga serbisyo sa broadcasting at paglalathala — Php 1.4 B
- Mga serbisyong panlibangan at isports — Php 1.3 B

*Talâ: Maaaring hindi magtugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*

# Mga Dimensyon ng Badyet

## Batay sa Klasipikasyon ng Gugulin

Ang 2025 Pambansang Badyet ay maaari ding urîin ayon sa katangian o uri ng obligasyon, na: Pangangasiwa at Ibang Gastos sa Operasyon (MOOE), Serbisyong Pangkawani (PS), mga Capital Outlay (CO), at mga Gastusing Pampinansiya (FinEx).




### Pangangasiwa at Ibang Gastos sa Operasyon

| | |
|---|---|
| **2025** | **Php 2.384 T** |
| 2024 | Php 2.275 T |

- Pang-araw-araw na operasyon ng mga Pambansang Ahensiya ng Pámahalaán (NGA), kabílang ang mga gastúsin sa mga pangunahing utilidad at transportasyon at paglakbay, bukod sa iba pa
- Mga subsidyo para sa mga Korporasyong Pag-aari at/o Kontrolado ng Pámahalaán (GOCC)
- Mga alokasyon para sa mga LGU[1/]

### Serbisyong Pangkawani

| | |
|---|---|
| **2025** | **Php 1.633 T** |
| 2024 | Php 1.483 T |

- Mga suweldo, mga benepisyo, at iba pang kompensasyon ng mga kawani ng pámahalaán
- Mga pensiyon ng militar, unipormado, at sibilyang kawani
- Mga pagbabago sa suweldo

*[1/]Kabílang ang National Tax Allotment, Special Shares in the Proceeds of National Taxes, Local Government Support Fund, Special Shares in the Proceeds of Fire Code Fees, Barangay Officials Death Benefits, Alokasyon para sa Metropolitan Manila Development Authority, at Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao*



## Mga Capital Outlay
## *(kabílang ang Net Lending)*

| | |
|---|---|
| **2025** | **Php 1.461 T** |
| 2024 | Php 1.339 T |

- Mga pangunahing programa at proyekto sa impraestraktura ng Pambansang Pamahalaán (NG)
- Mga kalakal at mga serbisyo na maaaring magamit nang lampas sa piskal na taón at maaaring idagdag sa mga ari-arian ng NG
- Equity, pati na rin ang net lending, sa mga GOCC

## Mga Gastusing Pampinansiya

| | |
|---|---|
| **2025** | **Php 848.1 B** |
| 2024 | Php 670.5 B |

- Mga bayarin sa management supervision/trusteeship, mga tubò ng utang,mga bayarin sa guarantee, mga bayarin sa commitment, at mga bayarin sa bangko
- Mga tubò ng utang sa lokal at dayuhang panghihiram
- Iba pang mga bayarin na naiipon sa pagmamay-ari o pag-upa ng mga asset o ari-arian

## Badyet Batay sa Klasipikasyon ng Gugulin, 2023-2025


| Mga Detalye | 2023 Aktuwal | | 2024 Programa | | 2025 Pinagtibay | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Halaga (sa trilyong Piso) | % Bahagi ng Badyet | Halaga (sa trilyong Piso) | % Bahagi ng Badyet | Halaga (sa trilyong Piso) | % Bahagi ng Badyet |
| MOOE | 2.092 | 38.2 | 2.275 | 39.4 | 2.384 | 37.7 |
| PS | 1.456 | 26.6 | 1.483 | 25.7 | 1.633 | 25.8 |
| CO | 1.295 | 23.7 | 1.339 | 23.2 | 1.461 | 23.1 |
| FinEx | 0.629 | 11.5 | 0.671 | 11.6 | 0.848 | 13.4 |
| **Kabuoan** | **5.473** | **100.0** | **5.768** | **100.0** | **6.326** | **100.0** |

*Talâ: Maaaring hindi magtugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*

# Mga Dimensiyon ng Badyet

## Batay sa Recipient Unit


Ang isa pang paraan ng paglalahad ng Pambansang Badyet ay sa pamamagitan ng recipient entity nito. Tinitiyak ng pamamaraang ito na ang badyet ay naipamahagi nang maayos sa mga Pambansang Ahensiya ng Pámahalaán (NGA), mga Lokal na Yunit ng Pámahalaán (LGU), mga Korporasyong Pag-aari at/o Kontrolado ng Pámahalaán (GOCC), at mga Pinagkakautangan para sa kanilang mga priyoridad sa paggugol.




## Badyet Batay sa Recipient Entity, 2023-2025

| Mga Detalye | 2023 Aktuwal | | 2024 Aktuwal | | 2025 Pinagtibay | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Halaga (sa bilyong Piso) | % Bahagi ng Badyet | Halaga (sa bilyong Piso) | % Bahagi ng Badyet | Halaga (sa bilyong Piso) | % Bahagi ng Badyet |
| Mga NGA | 3,647.0 | 66.6 | 3,859.1 | 66.9 | 4,117.6 | 65.1 |
| Mga LGU | 947.3 | 17.3 | 1,011.3 | 17.5 | 1,194.7 | 18.9 |
| Mga GOCC | 250.0 | 4.6 | 226.8 | 3.9 | 166.0 | 2.6 |
| Mga Pinagkakautangan | 628.3 | 11.5 | 670.5 | 11.6 | 848.0 | 13.4 |
| **Kabuoan** | **5,472.6** | **100.0** | **5,767.6** | **100.0** | **6,326.3** | **100.0** |

*Talâ: Maaaring hindi magtugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*




1

## Mga NGA

Ang mga NGA ay makatatanggap ng Php 4.118 trilyon upang pondohan ang lahat ng kanilang mga programa, mga aktibidad, at mga proyekto sa 2025, kabílang ang pang-araw-araw na gugulin sa operasyon, bukod sa iba pa.

2

## Mga LGU

Ang mga LGU ay makatatanggap ng Php 1.195 trilyon upang pondohan ang kanilang National Tax Allotment at ang taunang block grant ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao, bukod sa iba pa.

3

## Mga GOCC

Ang mga GOCC ay makatatanggap ng Php 166.0 bilyon upang magsilbing suporta sa badyet ng Pambansang Pámahalaán para sa kanilang mga pangunahing programa at mga proyekto, tulad ng Sitio Electrification Program, Barangay Line Enhancement Program, PV Mainstreaming Program, at iba't ibang serbisyong patubig, bukod sa iba pa.

4

## Mga Pinagkakautangan

Ang mga Pinagkakautangan ay makatatanggap ng Php 848.0 bilyon upang magsilbing bayad ng interes sa mga paghiram mula sa parehong lokal at dayuhang mapagkukunan.

# Mga Dimensiyon ng Badyet


## Batay sa Rehiyon

Dahil sa layuning matugunan ang agwat sa ekonomiya at mabawasan ang hindi pagkapantay-pantay, ang pámahalaán ay ibabahagi nang patas ang 2025 Pambansang Badyet sa lahat ng rehiyon upang matiyak na walang maiiwan sa paglalakbay ng bansa tungò sa mas maunlad na Pilipinas.

### Badyet na Batay sa Rehiyon

**2025: Php 4.240 T**
2024: Php 3.957 T

- Luzon
- Visayas
- Mindanao
- Pambansang Punong Rehiyon





**Php 1.738 T**
**Luzon**
Alokasyon kada tao:
Php 33,672

**Php 106.0 B**
**Rehiyong Administratibo ng Cordillera**
Alokasyon kada tao:
Php 56,532

**Php 198.7 B**
**Rehiyon I**
Alokasyon kada tao:
Php 36,403

**Php 175.0 B**
**Rehiyon II**
Alokasyon kada tao:
Php 45,848

**Php 420.6 B**
**Rehiyon III**
Alokasyon kada tao:
Php 31,772

**Php 395.6 B**
**Rehiyon IV-A**
Alokasyon kada tao:
Php 22,636

**Php 184.6 B**
**MIMAROPA**
Alokasyon kada tao:
Php 55,216

**Php 257.3 B**
**Rehiyon V**
Alokasyon kada tao:
Php 40,211





**Php 701.3 B**
**Visayas**
Alokasyon kada tao:
Php 32,405

**Php 236.1 B**
**Rehiyon VI**
Alokasyon kada tao:
Php 28,783

**Php 255.9 B**
**Rehiyon VII**
Alokasyon kada tao:
Php 30,494

**Php 209.4 B**
**Rehiyon VIII**
Alokasyon kada tao:
Php 41,466





**Php 966.6 B**
**Mindanao**
Alokasyon kada tao:
Php 35,012

**Php 149.3 B**
**Rehiyon IX**
Alokasyon kada tao:
Php 38,263

**Php 195.7 B**
**Rehiyon X**
Alokasyon kada tao:
Php 37,101

**Php 172.5 B**
**Rehiyon XI**
Alokasyon kada tao:
Php 30,315

**Php 137.8 B**
**Rehiyon XII**
Alokasyon kada tao:
Php 26,421

**Php 138.9 B**
**CARAGA**
Alokasyon kada tao:
Php 48,082

**Php 172.4 B**
**BARMM**
Alokasyon kada tao:
Php 37,184




**Php 834.6 B**
**Pambansang Punong Rehiyon**
Alokasyon kada tao:
Php 57,472

*Mga talâ:*
- *Maaaring hindi magtugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*
- *Ang mga alokasyon kada tao ay kinakalkula gamit ang updated na tinatayang populasyon sa kalagitnaan ng taón mula 2023 hanggang 2025 ng Pangasiwaan sa Estadistika ng Pilipinas, batay sa 2015 Census of Population Results*

## Badyet na Di-Batay sa Rehiyon


### 2025: Php 2.086 T
2024: Php 1.810 T

- Mga Alokasyong Pambansa
- Mga Alokasyon para sa Sentral na Opisina



**Php 1.554 T**
**Mga Alokasyong Pambansa**
Binubuo ito ng mga lump sum at mga special purpose fund na ipamamahagi sa mga kagawaran at mga ahensiya ng iba't ibang rehiyon sa loob ng piskal na taón

**Php 531.8 B**
**Mga Alokasyon para sa Sentral na Opisina**
Binubuo ito ng mga alokasyon na kumakatawan sa mga ari-arian na pinamamahalaan ng punong tanggapan ng mga kagawaran at mga ahensiya para sa kani-kanilang mga tanggapan



# Mga Dimensiyon ng Badyet

## Batay sa Special Purpose Fund

Ang 2025 Pambansang Badyet ay maaaring hatiin sa dalawang uri ng Special Purpose Fund (SPF): disaggregated at lump sum. Ang mga disaggregated SPF ay inilalaan para sa mga partikular na programa ng mga ahensiya sa panahon ng paghahanda ng badyet habang ang mga lump sum ay hindi pa inilalabas sa mga partikular na ahensiya hanggang sa maisabatas ang badyet at matugunan ang ilang mga tiyak na mga kundisyon.

## Mga Disaggregated SPF

Mga pondo na nakalaan na para sa mga partikular na ahensiya at/o mga programa at proyekto na natukoy sa panahon ng paghahanda ng badyet

| | |
|---|---|
| 2025 | Php 1.648 T |
| 2024 | Php 1.450 T |

### Php 1.194 T

### Alokasyon para sa mga Lokal na Yunit ng Pámahalaán (LGU)

Upang ilaan sa mga LGU ang kanilang ipinatupad na bahagi ng pambansang koleksyon ng rentas sa pamamagitan ng mga subsidyo

**Php 1.035 T**
National Tax Allotment

**Php 94.4 B**
Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao

**Php 32.7 B**
Special Shares in the Proceeds of National Taxes

**Php 23.0 B**
Local Government Support Fund

**Php 8.9 B**
Metro Manila Development Authority



### Php 144.7 B

### Pension and Gratuity Fund

Upang bayaran ang mga pensiyon, mga benepisyo sa pagreretiro, mga separation incentive, at mga monetized leave credit ng mga kawani ng gobyerno

### Php 137.3 B

### Suportang Pambadyet sa mga Korporasyon ng Pámahalaán

Upang magbigay ng tulong pampinansiyal sa mga korporasyon ng gobyerno sa pamamagitan ng mga equity o subsidyo, na nagpapahintulot sa kanila na maghatid ng mga serbisyo tulad ng kalusugan, agrikultura, at elektripikasyon, bukod sa iba pa

### Php 109.1 B

### Miscellaneous Personnel Benefits Funds

Upang pondohan ang mga guguling pangkawani para sa mga pambansang ahensiya ng pámahalaán at bayaran ang mga gastusin para sa pagpuno ng mga bakanteng posisyon at pagbuo ng mga bago

### Php 35.0 B

### Revised Armed Forces of the Philippines (AFP) Modernization Program

Upang suportahan ang mga gawaing para sa pagpapaunlad ng AFP upang matugunan ang mga panloob at panlabas na banta sa seguridad



## Mga Lump Sum SPF

Pondo na hindi pa inilalabas sa mga ahensiya sa panahon ng pagpapatupad ng badyet, alinsunod sa ilang mga tiyak na probisyon at kondisyon

| 2025 | Php 897.7 B |
|---|---|
| 2024 | Php 719.3 B |

### Php 21.0 B
### National Disaster Risk Reduction and Management Fund


Upang magbigay ng mabilis na tulong, pagsasaayos, at pagrerehabilitá para sa mga komunidad na apektado ng mga kalamidad, epidemya, hidwaan, at iba pang mga krisis na dulot ng kalikasan at sanhi ng tao

### Php 14.5 B
### Mga Custom Duty at Rentas *(kabílang ang mga tax expenditure)*

Upang bayaran ang mga obligasyon sa buwis ng pámahalaán at iba pang mga bayarin para sa mga operasyon, mga pamumuhunan, at pagbabayad ng buwis at mga customs duty ng mga ahensiya, mga LGU, at mga korporasyon ng pámahalaán

### Php 13.0 B
### Mga Contingent Fund

Upang maglaan ng mga pondo para sa mga agaran o bagong proyekto na kailangang maipatupad o bayaran sa loob ng taóng pampananalapi



### Php 1.161 T
### Alokasyon sa mga LGU

**Php 1.111 T**
Special Shares of LGUs in the Proceeds of Fire Code Fees

**Php 50 M**
Barangay Officials Death Benefits

### Php 848.0 B
### Debt Interest Payments

Upang mamahagi ng mga pondo para sa pambayad sa interes na natamo mula sa lokal at dayuhang panghihiram

# Mga Dimensiyon ng Badyet

## Batay sa Pinagkukunan ng Laang-gugulin

Ang 2025 Pambansang Badyet ay binubuo ng Bagong Pangkalahatang Laang-gugulin (New General Appropriation) at Awtomatikong Laang-gugulin (Automatic Appropriation). Ang mga alokasyong ito ay ikinategorya batay sa kanilang mga pinagmumulan ng pagpopondo at kung sila ay pinamamahalaan ng anumang batas o regulasyon. Dagdag pa rito, ang ilang mga programa o proyekto ay maaaring maging Di-Nakaprogramang Laang-gugulin (Unprogrammed Appropriation) o mga pondo na ilalabas lámang kapag natugunan ang mga partikular na kundisyon.

### Bagong Pangkalahatang Laang-gugulin

| | |
|---|---|
| **2025** | **Php 4.221 T** |
| 2024 | Php 4.020 T |

Ito ay mga pondo na may mga natukoy na mapagkukunan, ngunit nangangailangan ng taunang pag-aproba ng kongreso dahil kasama ang mga ito sa General Appropriations Act (GAA).



**Php 3.694 T**
Mga Kagawaran at mga Ahensiya

**Php 527.0 B**
Mga Special Purpose Fund

### Awtomatikong Laang-gugulin

| | |
|---|---|
| **2025** | **Php 2.105 T** |
| 2024 | Php 1.748 T |

Ito ay mga pondo na awtomatikong pinahihintulutan ng mga umiiral na batas at hindi nangangailangan ng pag-aproba ng kongreso o pagsama sa GAA.



**Php 1.035 T**
National Tax Allotment

**Php 848.0 B**
Debt Service–Interest Payments

**Php 83.4 B**
BARMM Annual Block Grant


**Php 68.6 B**
Retirement and Life Insurance Premiums

**Php 28.7 B**
Net Lending

**Php 27.4 B**
Special Accounts in the General Fund

**Php 14.5 B**
Tax Expenditure Fund

**Php 0.480 M**
Pension of Ex-Presidents/ Spouses Premiums




## Di-Nakaprogramang Laang-gugulin

| | |
|---|---|
| **2025** | **Php 363.4 B** |
| 2024 | Php 731.4 B |

Ang mga paglalaan na ito ay nagbibigay-daan sa mga ahensiya ng pámahalaán na gumastos ng higit pa sa mga priyoridad na proyekto kapag ang mga kita ng pámahalaán ay lumagpas sa mga target, magkaroon ng mga bagong pagkukunan ng pagpopondo, o mayroong mga aprobadong foreign-assisted na pautang.

**Php 160.1 B**
Pagpapalakas ng Tulong para sa mga Programang Pang-impraestruktura at Panlipunan ng Pámahalaán

**Php 112.2 B**
Suporta para sa mga Proyektong Foreign-Assisted

**Php 40.0 B**
Revised Armed Forces of the Philippines Modernization Program

**Php 26.3 B**
Government Counterpart of Foreign-Assisted Projects

**Php 15.0 B**
Pagbabayad ng mga Kinakailangang Serbisyo ng Tauhan

**Php 6.3 B**
Suportang Pambadyet sa mga Korporasyon ng Pámahalaán

**Php 2.0 B**
Marawi Siege Victims Compensation Program

**Php 1.0 B**
Risk Management Program


**Php 364 M**
Fiscal Support Arrearages for Comprehensive Automotive Resurgence Strategy Program

**Php 211 M**
Pag-refund ng Bayarin sa Pagpapaunlad ng Serbisyo para sa Right to Develop the Nampeidai Property in Tokyo, Japan

# Edukasyon

Ang edukasyon ang susi sa pagbibigay sa mga Pilipino ng kaalaman at kasanayang kinakailangan para magtagumpay, na magbibigay sa kanila ng mga oportunidad para sa habambuhay na pagkatuto. Ang sektor ng Edukasyon ng bansa ay patuloy na tatanggap ng pinakamalaking bahagi ng 2025 Pambansang Badyet upang tugunan ang kasalukuyang mga pangangailangang pang-edukasyon ng bansa, gayundin ang mga pabago-bago na pangangailangan ng mga mag-aaral.

## Badyet ng Sektor ng Edukasyon



**Php 782.2 B**
Kagawaran ng Edukasyon (DepEd)

**Php 127.2 B**
Mga Pampámahalaáng Unibersidad at Kolehiyo (SUC)

**Php 90.6 B**
Iba pang mga Institusyong Pang-edukasyon*

**Php 34.9 B**
Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED)

**Php 20.7 B**
Pangasiwaan sa Edukasyong Teknikal at Pagpapaunlad ng Kasanayan (TESDA)

**Kabílang ang iba pang mga pang-edukasyong ahensiya at impraestrukturang nauugnay sa sektor ng edukasyon na ipatutupad ng Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan (DPWH)*

## Pagpapapabuti ng Akses sa mga Kagamitan at Impraeskturang Pang-Edukasyon

### Php 28.1 B
### Mga Pasilidad para sa Batayang Edukasyon

Upang pondohan ang pagtatayo, pagsasaayos, at pagpapabuti ng mga silid-aralan at iba pang pasilidad ng paaralan upang mapahusay ang mga kondisyon sa pag-aaral para sa mga mag-aaral ng DepEd

### Php 12.4 B
### Mga Aklat at Kagamitan sa Pagtuturò

Upang suportahan ang pagprokyur ng mga aklat, mga learning package, at mga kagamitan sa pagtuturò para sa mga mag-aaral at guro, kabílang ang mga library hub

### Php 7.8 B
### Mga Impraestrukturang Pasilidad ng mga SUC

Upang pondohan ang pagtayo, pagmantene, at pagsaayos ng mga gusali, mga dormitoryo, at iba pang mga pasilidad sa mga publikong institusyon ng lalong mataas na edukasyon



### Php 3.5 B
### Mga Learning Tool at Equipment

Upang magbigay ng mga equipment pang-agham, matematika, at teknikal-bokasyonal upang matugunan ang pamantayan ng kurikulum na K-12 at mga kinakailangan sa pagsasanay ng TESDA

### Php 2.4 B
### DepEd Computerization Program

Upang magsuplay sa mga publikong paaralan ng mga ICT tool tulad ng mga laptop, mga smart TV, at mga eLearning package upang mapabuti ang líterasiya at kasanayang digital



## Pamumuhunan sa Pagpapaunlad ng Edukasyon

### Php 31.9 B
### Paggawa ng mga Teaching Position

Upang mapabuti ang ratio ng guro-mag-aaral sa pamamagitan ng paglikha ng karagdagang 20,000 bagong mga posisyon sa pagtuturo at dagdagan ang manggagawang nagtuturo

### Php 9.9 B
### Teaching Allowance

Upang mabayaran ang tumaas na alawans na Php 10,000.00 para sa mga guro at mapagaan ang pampinansyal na pasanin ng mga guro na gumagamit ng sariling pera para magampanan ang kanilang mga tungkulin

### Php 4.9 B
### Training for Work Scholarship Program

Upang paunlarin ang mga kasanayan ng mga mag-aaral para sa mga priyoridad na industriya at sektor na may mataas na pangangailangan sa pag-empleo

### Php 2.3 B
### Special Training for Employment

Upang magsagawa ng mga espesyál na training pangkomunidad at mga programang pangkabuhayan na naaayon sa mga pangangailangan ng mga ito.

## Pagsusulong ng Pantay na mga Oportunidad sa Edukasyon

### Php 40.5 B
### Tulong at Subsidyo mula sa Pámahalaán

Upang magbigay ng suportang pinansiyal sa mga mag-aaral sa mga pribadong paaralan sa pamamagitan ng mga programa tulad ng Educational Service Contracting, Senior High School Voucher, at Joint-Delivery Voucher para mga espesyalisasyóng panteknikal-bokasyonal

### Php 56.1 B
### Universal Access to Quality Tertiary Education

Upang suportahan ang libreng edukasyon sa mga pampámahalaáng unibersidad, mga lokal na kolehiyo, at mga teknikal-bokasyonal na paaralan, gayundin ang pagbibigay ng tulong pinansiyal sa mga kalipikadong mag-aaral na may mababang kita

### Php 4.3 B
### Flexible Learning Options

Upang mag-alok ng iba't-ibang pamamaraan ng pag-aaral upang matugunan ang pabago-bagong pangangailangan ng mga mag-aaral, na nakatuon sa mga oportunidad sa edukasyon, empleo, at entrepreneurship

### Php 3.0 B
### Last Mile Schools Program

Upang mapabuti ang mga kagamitan at pasilidad sa mga paaralang matatagpuan sa liblib at mahihirap na lugar upang matiyak ang mas mabuting akses sa edukasyon

# Kalusugan

Ang malalaking pamumuhunan para sa sektor ng Kalusugan sa 2025 ay nagtitiyak ng abot-kaya, de-kalidad, at tumutugon sa pangangalagang pangkalusugan ng lahat ng Pilipino. Muling binibigyang-diin ng pámahalaán ang pangako nitong palakasin ang paghahatid ng serbisyong pangkalusugan, pagpapahusay ng mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan, at pagsuporta sa mga kritikal na programa na nagpapabuti sa mga outcome ng publikong kalusugan.

## Nakalulunas na Pangangalagang Pangkalusugan Php 99.1 B

Upang mapabuti ang akses sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na nakapagpapagaling sa pamamagitan ng napapanatiling operasyon ng mga ospital ng gobyerno, mga blood center, at mga reference center, bukod sa iba pa

### Php 75.6 B
**Mga Operasyon ng mga Ospital at Iba Pang Pasilidad Pangkalusugan ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH)**

### Php 22.1 B
**Mga Operasyon ng mga Ospital sa Metro Manila**

### Php 745 M
**Mga Operasyon ng Philippine Health Laboratory System**

### Php 652 M
**Mga Operasyon ng mga Blood Center at Voluntary Blood Services Program**

## Paghahatid ng Serbisyong Pangkalusugan Php 53.3 B

### Php 35.4 B
**Health Facilities Enhancement Program**

Upang magtayo, pahusayin, at/o palawakin ang mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan ng pámahalaán, kabílang ang pagdagdag at pagbili ng mga kagamitang medikal at mga sasakyang pangmedikal na transportasyon para sa sumusunod na mga pasilidad:

- Mga Ospital ng DOH — Php 12.8 B
- Iba Pang mga Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan (hal., Mga Drug Abuse Treatment and Rehabilitation Center) — Php 10.1 B
- Mga Ospital ng mga Lokal na Yunit ng Pámahalaán — Php 7.6 B

- Mga Super Health Center at Mga Rural Health Unit — Php 4.6 B
- Mga Polyclinic — Php 77 M
- Mga Barangay Health Station — Php 54 M

**Php 18.0 B**
**National Health Workforce Support System**
Upang matiyak na ang mga natukoy na priyoridad na lugar ay may sapat na bílang ng mga kawaning pangkalusugan

## Social Health Protection Program — Php 42.4 B

Upang bawasan o alisin ang paggasta ng mga maralitang pasyente mula sa kanilang sariling bulsa alinman sa pamamagitan ng pag-enroll sa National Health Insurance Program o pagbibigay ng tulong pampinansiyal

**Php 41.2 B**
**Medical Assistance to Indigent and Financially Incapacitated Patients**

**Php 1.3 B**
**Cancer Assistance Fund**

## Health Commodities Assistance — Php 21.1 B

Upang magbigay sa mga publikong pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan ng mga kagamitang medikal, tulad ng mga parmasyutiko, mga kagamitang medikal, personal protective equipment (PPE), at mga diagnostic tool, bukod sa iba pa

## Health Policy and Systems Enhancement — Php 9.2 B

Upang palakasin ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng bansa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba't ibang mga proyektong pampananaliksik, paglikha ng mga pananaw na nakabatay sa ebidensya upang gabayan ang mga desisyon sa mga polisiya para sa kapakanan ng publiko, pagbuo ng kapasidad sa pananaliksik ng mga polisiya at sistemang pangkalusugan upang mapabuti ang mga outcome na pangkalusugan para sa populasyon

*Kung saan:*

**Php 4.5 B**
**Disease Prevention and Control**

**Php 1.5 B**
**Health Promotion**

**Php 662 M**
**Local Health Systems Development and Assistance**

**Php 422 M**
**Epidemiology and Surveillance**


**Php 309 M**
**Health Emergency Preparedness and Response**

# Pangangalagang Panlipunan

Ang pámahalaán ay nananatiling nakatuon sa pagbibigay ng kapangyarihan sa mga Pilipino, lalo na sa mga mahihirap at vulnerable, sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng akses sa mga pangunahing kalakal at mga serbisyong nagpoprotekta ng kanilang kapakanan at nag-aangat ng kanilang buhay.







## Pagprotekta sa Vulnerable

### Php 64.2 B

#### Pantawid Pamilyang Pilipino Program

Upang magbigay sa 4.4 milyong mahihirap na mga sambahayang Pilipino ng cash assistance, tulad ng mga grant para sa kalusugan, kabílang ang para sa first 1,000 days, pang-edukasyon, at mga subsidyo sa bigas, bukod sa iba pa

### Php 49.8 B

#### Social Pension para sa mga Maralitang Senior Citizen

Upang magbigay ng buwanang alawans na Php 1,000.00 upang madagdagan ang mga mapagkukunan ng pang-araw-araw na ikabubuhay at iba pang mga pangangailangang pangmedikal ng humigit-kumulang 4.1 milyong mga maralitang senior citizen

### Php 44.7 B

#### Protective Services for Individuals and Families in Difficult Circumstances

Upang magbigay ng pinagsama-samang mga serbisyong proteksiyón, tulad ng tulong pinansiyal at sikolohíkal sa humigit-kumulang 6.1 milyong mga benepisyado

### Php 3.0 B

#### Expanded Centenarians Act

Upang pondohan ang pagpapatupad ng Expanded Centenarians Act (Batas Republika Blg. 11982), kung saan ang mga Pilipinong may edad 80, 85, 90, at 95 ay bibigyan ng mga cash gift na Php 10,000.00 at Php 100,000.00 para sa mga Pilipinong may edad 100

# Pangangalaga sa mga Pilipino Mula sa mga Negatibong Epektong Sósyo-ekonómikó

## Php 6.3 B

### Sustainable Livelihood Program

Upang suportahan ang 273,535 benepisyadong sambahayan sa pagpapabuti ng kanilang sósyo-ekonómikóng kondisyón sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kinakailangang bagay upang makamit ang sustenibleng pangkabuhayan at self-sufficiency

## Php 1.3 B

### Emergency Repatriation Program

Upang magbigay ng tulong sa pagpapabalik ng mga nahihirapang Overseas Filipino Worker (OFW) at labi ng mga tao sa lugar na mayroong digmaan, mga epidemya, mga sakuna, mga kalamidad, at iba pang mga katulad na kaganapan na nakaaapekto sa kanilang trabaho

## Php 1.2 B


### Agarang Kalinga at Saklolo para sa mga OFW na Nangangailangan (AKSYON) Fund

Upang magbigay ng legal, medikal, pinansiyal, at iba pang anyo ng mga tulong sa mga OFW, kabílang na ang pagpapauwi, pagpapadala ng mga labi, evacuation, pagliligtas, at iba pang mga katulad na tulong o interbinsiyon upang protektahan ang kanilang mga karapatan

## Php 758 M

### Pambansang Pabahay para sa Pilipino Program

Upang matiyak na ang target na 100,000 sambahayan ay magkakaroon ng akses sa subsidyo ng pámahalaán para sa maayos at abot-kayang mga tirahan



# Promoting Good Nutrition Across All Ages

## Php 5.2 B

### Supplementary Feeding Program

Upang maghatid ng mainit na pagkain at gatas sa humigit-kumulang 1.6 milyong batang naka-enroll sa mga child development center at mga supervised neighborhood play na pinapangasiwaa ng lokal na yunit ng pámahalaán

## Php 2.4 B

### Philippine Multi-Sectoral Nutrition Project

Upang bawasan ang hindi angkop na paglaki at matugunan ang malnutrisyon sa pamamagitan ng mga interbensiyong partikular at senstibo sa nutrisyon na ibinigay sa 275 munisipalidad

## Php 1.9 B


### Philippine Food STAMP (Strategic Transfer and Alternative Measures Program)

Upang magbigay sa 50,000 sambahayang Pilipinong kulang sa pagkain ng mga electronic benefit transfer card na gagamitin upang labanan ang malnutrisyon at hindi sinasadyang gutom

# Seguridad sa Pagkain

Upang matiyak na ang bansa ay nasa landas pa rin ng pagkamit ng zero hunger sa 2030, pinalalakas ng pámahalaán ang suporta nito sa lahat ng mga pagsisikap at mga hakbang tungo sa isang Pilipinas na may seguridad sa pagkain.


## Pagsusulong para sa Isang Maaasahan at Sustenibleng Sistema ng Produksyon ng Pagkain



### Php 44.8 B
### Mga Pangunahing Programa ng Kagawaran ng Agrikultura



**Php 21.7 B**
Pambansang Programa sa Palay




**Php 8.6 B**
Pambansang Programa sa Pangisdaan



**Php 5.3 B**
Pambansang Programa sa Mais



**Php 5.3 B**
Pambansang Programa sa Livestock



**Php 2.4 B**
Pambansang Programa sa mga Pananim na Mayroong Mataas na Kalidad



**Php 1.0 B**
Pambansang Programa sa Agrikulturang Organiko



**Php 439 M**
Pambansang Programa sa Urban at Peri-Urban na Agirultura

### Php 57.4 B
### Mga Serbisyong Patubig

Upang bigyan ng patubig ang 2.57 milyong ektarya ng lupang sakahan sa lahat ng panahon ng taón sa pamamagitan ng pagtatayo, pagrerehabilitá, pagpapabuti, at paglalagay ng mga sistema irigasyon

### Php 23.2 B
### Mga Farm-to-Market Road

Upang magtayo ng 1,541.22 kilometrong mga kalsada at tulay upang maiugnay ang mga lugar ng agrikultura at pangisdaan sa mga lugar ng produksiyon at pamilihan



## Php 10.0 B

### Rice Competitiveness Enhancement Program

Upang mapalakas ang kakayahang makipagsabayan at produktibidad ng mga lokal na magsasaka sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga makabagong estratehiya at state-of-the-art na teknolohiya

## Php 9.0 B

### Buffer Stocking Program

Upang magprokyur ng 300,000 metrikong tonelada ng palay na gagamitin sa panahon ng emergency at krisis sa pagkain

## Php 5.5 B

### Fisheries Infrastructure Development Program

Upang magtayo, magrehabilitate, at/o magpatakbo ng mga pangunahing pantalan sa buong bansa

## Php 2.8 B

### Agricultural Credit Program

Upang magtayo, magrehabilitá, at/o magpatakbo ng pangunahing mga pantalan sa buong bansa

## Php 1.0 B

### Sugarcane Industry Development Program

Upang tulungan ang mga magsasaka, mga nagtatanim, at mga manggagawa ng mga tubo na itaas ang kanilang kíta sa pamamagitan ng paglinang ng kanilang kakayahán

## Php 1.0 B

### National Soil Health Program

Upang mapabuti ang kalidad ng lupa sa bansa sa pamamagitan ng pag-ugrade ng mga pasilidad ng iba't ibang laboratóryong panglupa sa buong bansa

## Php 411 M

### Value Chain Innovation for Sustainable Transformation in Agrarian Reform Communities

Upang mapahusay ang katatagan ng komunidad ng mga vulnerable na populasyon sa kanayunan

## Php 74 M

### Halal Food Industry Development Program

Upang mapataas ang kakayahang makipagsabayan ng lokal na industriya ng halal sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga halal multiplier farm

## Pagsusulong ng Karapatan ng Bawat Pilipino sa Wastong Nutrisyon

- **School-based Feeding Program**
  Php 11.8 B
- **Supplementary Feeding Program**
  Php 5.2 B
- **Philippine Food STAMP**
  Php 1.9 B
- **Philippine Multi-Sectoral Nutrition Project**
  Php 1.0 B
- **Tutok Kainan Dietary Supplementation Program**
  Php 25 M



# Industriya, Paggawa, at Turismo

Ang pámahalaán ay nananatiling nakatuon sa pamumuhunan sa mga pangunahing sektor tulad ng industriya, paggawa, at turismo upang itaguyod ang paglago ng ekonomiya. Ang mga pagsisikap na ito ay naglalayong palakasin ang posisyon ng bansa sa pandaigdigang merkado at tiyakin ang pangmatagalang kakayahang makipagsabayan sa pamamagitan ng pagpapasigla sa mga industriya, pagsusulong ng turismo, at paghihikayat ng kalakalan at pamumuhunan.

## Pagbibigay ng mga Oportunidad sa Trabaho at Kabuhayan para sa Lahat

### Php 17.3 B
**Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged Workers Program**

Upang magbigay ng mga trabahong panandalian at nakabase sa komunidad sa mga manggagawang natanggal sa trabaho, hindi sapat ang kinikita, at pana-panahon lámang ang trabaho

### Php 943 M
**Government Internship Program**

Upang bigyan ng pagkakataon ang kabataang Pilipino na magkaroon ng karanasan sa trabaho at paunlarin ang kanilang mga kasanayan sa pamamagitan ng mga internship sa mga tanggapan ng pámahalaán

### Php 2.4 B
**DOLE Integrated Livelihood Program**


Upang mag-alok ng mga pinansiyal na grant sa mga indibidwal at grupo upang magsimula, palawakin, o pagbutihin ang kanilang mga proyektong pangkabuhayan

### Php 829 M
**Special Program for Employment of Students**

Upang suportahan ang mga mag-aaral na kapos sa pananalapi na tustusan ang kanilang mga gastusin sa paaralan sa pamamagitan ng pag-aalok ng pansamantalang trabaho tuwing walang pasok sa paaralan

### Php 1.4 B
**Tulong Trabaho Scholarship Program**

Upang magbigay ng libreng mga pagsasanay, mga pagtatása, at mga alawans upang matugunan ang kawalan ng trabaho at hindi magkatugmang trabaho sa kasanayan ng mga kalipikadong mag-aaral



## Pagpapahusay sa Pag-unlad ng Turismo at Pagtaguyod ng Kultura

### Php 671 M
**Tourism Policy Formulation and Planning**

Upang bumuo ng mga polisiya, mga plano, at mga proyektong makatutulong sa pagtaguyod ng sektor ng turismo ng bansa

### Php 384 M
**National Parks Development Committee**

Upang mapanatili at mapangalagaan ang mga liwásan tulad ng Rizal Park at Paco Park, at maghatid ng maayos na mga panlibangang lugar para sa mga Pilipino

## Php 299 M
### Intramuros Administration

Upang mapanatili ang kahalagahang pangkasaysayan at kultural ng Intramuros sa pamamagitan ng mga inisyatibang restoration at pag-unlad

## Php 127 M
### Philippine Experience Program

Upang mag-alok ng mga karanasang kultural at artistiko sa mga turista at isulong ang mga lokal na destinasyon

## Php 100 M
### Branding Campaign Program

Upang isulong ang Pilipinas bílang isang nangungunang destinasyong pangturismo sa pamamagitan ng paghighlight ng kultura at pamana nito gamit ang mas pinaigting na pagsisikap sa marketing

## Php 90 M
### Development and Enhancement of Gastronomy Tourism Products

Upang isama ang mga karanasan sa pagkain sa mga pangkultural na aktibidad at tumulong palakasin ang turismo at suportahan ang paglago ng ekonomiya

# Pagsuporta sa Ekonomikong Pag-unlad at Kakayahang Makipagsabayan ng Bansa

## Php 902 M
### Exports and Investments Development Program

Upang bumuo ng mga estratehikong polisiya at mga programa na manghihikayat ng mga lokal at dayuhang pamumuhunan

## Php 900 M
### Micro, Small, and Medium Enterprise (MSME) Development Program

Upang mapabilis ang paglago ng mga MSME sa pamamagitan ng paglikha ng mga trabaho at pagtaguyod ng mga produkto at mga serbisyo para sa mga lokal at pandaigdigang merkado

## Php 655 M
### Industry Development Program

Upang mapahusay ang kakayahang makipagsabayan ng lokal na industriya sa pamamagitan ng mga inisyatiba tulad ng Tatak Pinoy Act, na pinipriyoridad at itinataguyod ang mga produkto at mga serbisyong Pilipino

## Php 525 M
### Consumer Protection Program

Upang ipatupad ang mga batas sa patas na kalakalan at akreditasyon ng negosyo, tugunan ang mga reklamo, at imbestigahan ang mga hindi etikal na pamamalakad ng mga negosyo

## Php 500 M
### Pondo sa Pagbabago at Pag-Asenso Program

Upang magbigay ng abot-kayang pampinansiyal at negosyong suportang pang-unlad sa mga micro-entrepreneur, tumulong sa paglaban sa mga predatory lending, at itaguyod ang ingklusibong pag-unlad ng ekonomiya

## Php 496 M
### Rural Agro-Enterprise Partnership for Inclusive Development Growth Project

Upang bigyang kapasidad ang mga pang-agrikulturang negosyo at entrepreneurial na komunidad sa pakikipagkompetensiya sa pandaigdigang merkado

## Php 146 M
### Investment Promotion Program

Upang himukin ang paglago ng pamumuhunan sa pamamagitan ng mga estratehiya, tulad ng mga serbisyong post-investment, na nagsusulong sa Pilipinas bílang isang pangunahing destinasyon ng pamumuhunan



# Agham at Teknolohiya

Nakikita ng Administrasyon ang inobasyon bílang isang mahalagang bahagi ng paglago ng ekonomiya. Sa pamamagitan ng pamumuhunan sa sektor ng Agham at Teknolohiya at pagsulong ng saliksik at pagpapaunlad (R&D), ang pámahalaán ay umaasang makabubuo ng mga de-kalidad na trabaho at mga produktong kayang makipagsabayan sa pandaigdigang merkado, na sa huli ay magpapalakas ng ekonomiya.

## Pagsusulong ng Agham, Teknolohiya, at Inobasyon para sa Pambansang Pag-unlad

### Php 8.8 B
**Grants-in-Aid Program**

Upang pondohan ang mga saliksik at mga proyektong pangteknolohiya na pinauunlad ang kalidad ng buhay ng mga Pilipino at nagpapalakas ng lokal na R&D

### Php 7.7 B
**Mga Scholarship Program sa Agham at Teknolohiya**

Upang magbigay ng suportang pinansiyal sa mga Pilipino, lalo na sa mga lugar na hindi nabibigyan ng sapat na tulong, na nais magkaroon ng trabaho sa agham, teknolohiya, engineering, at matematika

### Php 924 M
**Small Enterprise Technology Upgrading Program**

Upang hikayatin ang mga Micro, Small, and Medium Enterprise (MSME) na gumamit ng mga makabagong teknolohiya na nagpapahusay ng kakayahang makipagsabayan, nagpapabuti ng pagiging episyente, at nagpapataas ng kalidad ng produkto

### Php 914 M
**Philippine Space Agency**

Upang isulong ang paglago ng sektor ng kalawakan ng bansa sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga teknolohiya at inobasyong pangkalawakan

### Php 846 M
**Mga Programang R&D**

Upang suportahan ang mga pagsisikap na R&D sa iba't ibang mga sektor sa pamamagitan ng mga ahensiyang kaugnay ng Kagawaran ng Agham at Teknolohiya



### Php 737 M
**Science for Change Program**

Upang mapabilis ang ingklusibong inobasyon sa pamamagitan ng pagtaas ng pamumuhunan sa R&D, pagdesentralisa ng mga aktibidad sa pananaliksik, at pagtataguyod ng paglago ng ekonomiya sa mga rehiyong kulang ng tulong

### Php 100 M
**Innovation Fund**

Upang suportahan ang mga proyektong pang-inobasyon na nagpapahusay ng pambansang pag-unlad, na tumutuon sa agrikultura, paghahanda sa sakuna, at pagtutugma ng pagsasaliksik sa komersyal na gamit

## Pagpapahusay ng Koneksiyon, Seguridad, at Ingklusibong Digital

### Php 7.5 B

### Free Internet Wi-Fi Connectivity

Upang magbigay ng libre, matatag na internet sa mga publikong lugar at mga Pampámahalaáng Unibersidad at Kolehiyo sa pamamagitan ng pagpondo sa pagtayo at pagmantene ng mga lugar ng Wi-Fi sa buong bansa

### Php 6.7 B

### Information and Communication Technology (ICT) Systems Development, Management and Advisory Program

Upang matiyak ang akses ng internet at mga online na serbisyo ng pámahalaán sa buong bansa, at mapahusay ang paghahatid ng serbisyo publiko sa pamamagitan ng mga inisyatibang tulad ng:

- National Broadband Plan
  Php 750 M
- National Government Data Center Infrastructure
  Php 550 M
- National Government Portal
  Php 303 M

### Php 278 M


### Philippine National Public Key Infrastructures

Upang matiyak ang seguridad ng mga komunikasyon at mga online na transaksiyon sa pagitan ng pámahalaán at mga tao nito sa pamamagitan ng mga digital certificate na nagsusuri ng pagiging tunay ng mga publikong dokumento

### Php 34 M

### National ICT Household Survey

Upang masuri ang akses, paggamit, at digital na kaalamang pang-ICT sa mga sambahayan at mga indibidwal na gagamitin para sa mga polisiya at mga inisyatiba na nagtataguyod ng ingkulisbong digital at paglago ng ekonomiya



# Impraestruktura


Ang impraestraktura ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pagpapaunlad ng ekonomiya, pagpapabuti ng mga serbisyo publiko, at pagpapahusay ng pambansang katatagan. Dahil sa kahalagahan nito, patuloy na isinusulong ng pámahalaán ang pag-unlad ng impraestraktura sa 2025 sa ilalim ng Programang Build Better More.

## Build Better More

**Php 1.645 T**

*Kung saan:*

- **Php 1.311 T**
  Pambansang Pámahalaán
- **Php 249.7 B**
  Lokal na Yunit ng Pámahalaán (LGU)
- **Php 84.6 B**
  Mga Korporasyong Pag-aari at/o Kontrolado ng Pámahalaán




## Mga Pangunahing Pamumuhunan sa Impraestraktura

**Php 624.8 B**
Mga Network ng Kalsada

**Php 350.5 B**
Mga Sistema sa Pagkontrol ng Baha

**Php 129.6 B**
Mga Gusali

**Php 56.4 B**
Mga Sistemang Patubig

**Php 38.4 B**
Pagpapaunlad ng mga LGU

**Php 37.1 B**
Mga Gusaling Pampaaralan

**Php 19.4 B**
Mga Ospital at Sentrong Pangkalusugan

**Php 19.3 B**
Mga Sistema ng Riles

**Php 11.2 B**
Mga Sistema ng Suplay ng Tubig

**Php 7.7 B**
Mga Sistema ng Paliparan

**Php 7.0 B**
Mga Sistema para sa Suplay ng Koryente

**Php 4.8 B**
Mga Adkisisyong Right-of-Way

**Php 2.3 B**
Mga Pasilidad para sa Pabahay at Pamayanan

**Php 1.1 B**
Mga Proyekto sa Reforestation

## Breakdown ng Programa sa Impraestruktura Batay sa Rehiyon para sa 2025

Ang Administrasyon ay gumagawa ng karagdagang hakbang upang punan ang mga kakulangan sa pagpopondo at isulong ang balanseng pag-unlad sa mga rehiyon. Ang panrehiyong breakdown ng 2025 badyet para sa impraestruktura ay nagpapakita ng malaking bahagi na inilaan sa mga Rehiyon III (8.3%), IV-A (7.6%), NCR (6.5%), V (6.2%), VII (5.2%), at X (5.0%).

| Mga Detalye | Halaga (sa milyong Piso) | Bahagi ng Porsiyento (%) |
|---|---|---|
| Pambansa[1/] | 14,966 | 1.0 |
| Sentral na Opisina[2/] | 1,011,121 | 61.5 |
| Pambansang Punong Rehiyon (NCR)[3/] | 103,308 | 6.3 |
| Rehiyong Administratibo ng Cordillera (CAR) | 19,004 | 1.2 |
| Rehiyon I | 44,175 | 2.7 |
| Rehiyon II | 25,802 | 1.6 |
| Rehiyon III | 65,531 | 4.0 |
| Rehiyon IV-A | 59,861 | 3.6 |
| MIMAROPA | 23,620 | 1.4 |
| Rehiyon V | 36,444 | 2.2 |
| Rehiyon VI | 37,291 | 2.3 |
| Rehiyon VII | 36,541 | 2.2 |
| Rehiyon VIII | 31,251 | 1.9 |
| Rehiyon IX | 19,193 | 1.2 |
| Rehiyon X | 28,033 | 1.7 |
| Rehiyon XI | 20,404 | 1.2 |
| Rehiyon XII | 18,401 | 1.1 |
| CARAGA | 18,344 | 1.1 |
| Rehiyong Awtonomo ng Bangsamoro sa Muslim Mindanao (BARMM)[4/] | 31,604 | 1.9 |
| **Kabuoan** | **1,644,894** | **100.0** |

*Talâ: Maaaring hindi magtugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*

*[1/]Ang mga alokasyon sa buong bansa (nationwide allocation) ay tumutukoy sa mga alokasyong hindi pa naibibigay sa iba't ibang panrehiyong tanggapan ng mga kagawaran/ahensiya at mga multi-user special purpose fund (hal., Calamity Fund).*

*[2/]Ang mga alokasyon ng Sentral na Opisina ay binubuo ng mga alokasyong pang-impraestrukturang pinangangasiwaan ng mga punong tanggapan ng mga kagawaran/ahensiya para sa kani-kanilang mga yunit.*

*[3/]Ang mga alokasyong panrehiyon (regional allocation) para sa NCR ay binubuo ng mga kinakailangan sa pagpopondo sa mga kagawaran/ahensiya na matatagpuan sa NCR na may saklaw sa buong bansa, ngunit walang mga operating unit sa mga rehiyon.*

*[4/]Binubuo ng mga proyektong pang-impraestruktura sa mga lalawigan ng BARMM (at dáting Awtonomong Rehiyon ng Muslim Mindanao)*



## Pagpapalawak ng mga Network ng Kalsada


Para sa 2025, ang Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan (DPWH) ay makatatanggap ng Php 1.114 trilyon* upang ipatupad ang mga pangunahing proyektong pang-impraestraktura ng bansa. Popondohan nito, bukod sa iba pa, ang sumusunod:

**Php 154.1 B**
Asset Preservation Program


**Php 112.7 B**
Network Development Program

**Php 42.6 B**
Bridge Program


### Mga Piling Target ng DPWH:



Haba ng mga kalsadang namantene
**1,313.822 kilometro**



Haba ng mga kalsadang bágong gawa
**1,062.140 kilometro**



Haba ng bágo at pinalitang mga tulay na ginawa
**29,361.349 lineal meter**

**Kabílang ang Php 26.1 bilyon na na-veto na mga alokasyon sa ilalim ng PT 2025 General Appropriations Act*

## Pagpapabuti ng Publikong Transportasyon

Para sa 2025, ang Kagawaran ng Transportasyon (DOTr) ay makatatanggap ng Php 87.2 bilyon upang tiyakin ang ligtas at maaasahang publikong transportasyon sa buong bansa. Popondohan nito, bukod sa iba pa, ang sumusunod:

**Php 20.7 B**
Transportasyong Panriles


**Php 7.7 B**
Transportasyong Panghimpapawid

**Php 5.8 B**
Transportasyong Maritimo


**Php 5.0 B**
Publikong Transportasyong Panlupa

### Mga Piling Target ng DOTr:







Pagtapos ng mga bagong proyekto para sa sistemang panriles
**62.5%**




Pagtaas ng kapasidad ng mga pasilidad ng paliparan
**5.0%**



Pagtaas ng trapiko ng barko
**5.0%**



Pagtaas ng mga makabagong sasakyan para sa publikong transportasyon
**40.0%**



Bílang ng mga benepisyaryo ng subsidiyo sa gasolina
**1,000,000**

## Iba pang Priyoridad na mga Programa



**Php 100 M**
**Tsuper Iskolar Program**

**Php 100 M**
**EnTSUPERneur Program**

Upang suportahan ang mga kalipikadong driver at mga operator na apektado ng Public Transport Modernization Program, dáting kilala bílang Public Utility Vehicle Modernization Program sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng pagsasanay/pagtatasa ng kasanayan, pondo para sa suporta sa pagsasanay, at iba't ibang package pangkabuhayan

# Kapayapaan at Kaayusan

Ang pámahalaán ay patuloy sa pagkakaroon ng aktibong paninindigan sa pangangalaga ng panteritoryong integridad, na tumutugon sa parehong panlabas at panloob na mga banta sa pambansang kapayapaan at seguridad, at pagpapatibay ng katatagan.

## Pagpapalakas ng mga Panlaban upang Protektahan ang Pambansang Soberanya

### Php 113.3 B
**Land Defense Program**

### Php 46.6 B
**Air Forces Defense Program**

### Php 46.4 B
**Naval Defense Program**

### Php 35.0 B
**Revised Armed Forces of the Philippines (AFP) Modenization Program**

Ang Revised AFP Modernization Program ay naglalayong palakasin ang mga kakayahang magtanggol ng bansa sa pamamagitan ng mga estratehikong pamumuhunan sa mga makabagong kagamitan, pinahusay na pagsasanay, at pinalakas na kahandaan sa pagpapatakbo upang epektibong matugunan ang mga nagbabagong pagsubok sa seguridad.



## Pagpapatibay ng Publikong Kaligtasan at Pagpapatupad ng Batas

### Php 449.5 B
**Pagtayo ng mga Estasyon ng Pulis**

Upang pondohan ang pagpapatayo ng 37 na mga bagong estasyon ng pulis sa iba't ibang bahagi ng bansa

### Php 184.6 B
**Crime Prevention and Suppression Program**

Upang bawasan ang porsiyento ng mga insidente ng krimen sa bansa, at dagdagan ang mga foot at mobile na pagpapatrolya sa buong bansa

### Php 25.1 B
**Fire and Emergency Management Program**

Upang magsagawa ng mga aktibidad sa mga operasyon at imbestigasyon sa sunog, kabílang ang mga aktibidad na hindi pangsunog tulad ng pagrarasyon/tinkering ng tubig at mga paghahanda sa lindol

### Php 1.1 B
**Pagbili ng all terrain amphibious rescue**

Upang magprokyur ng all-terrain amphibious rescue vehicle para sa rehiyon ng Bicol



## Pagpapabuti ng Kustodiya at Pagrerehabilitá ng mga Bilanggo


### Php 25.4 B
**Inmates' Safekeeping and Development Program**

Upang pondohan ang kustodiya, pangangalaga, at pagrerehabilitá ng mga bilanggo sa mga distrito, lungsod, at munisipalidad na kulungan na naghihintay ng imbestigasyon, paglilitis, at/o paglilipat sa Pangunahing Bilangguan



### Php 7.0 B
**Prisoners' Custody and Safekeeping Program**


Upang pondohan ang pangangasiwa, pagkontrol, at pamamahala ng mga pambansang bilanggo



## Pagtulong sa mga Komunidad na Makabangon mula sa mga Digmaan

### Php 2.0 B
**Support to the Barangay Development Program (SBDP)**

Upang ipatupad ang tiyak na mga programa at mga proyekto (hal., mga kalsadang farm-to-market at elektripikasyon) ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict para sa 780 na sertipikadong 'cleared' na mga baranggay



### Php 226 M
**Enhanced Comprehensive Integration Program (E-CLIP)**

Upang tulungan ang mga nagbalik-loob na mga rebelde upang maging bahagi muli ng komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng iba't ibang mga tulong

# Pamamahala

Ang pagpapaigting ng mabuting pamamahala ay nakaayon sa pagiging bukas at pagkakaroon ng pananagutan, na naghihikayat ng episyenteng paghahatid ng serbisyo publiko, nagsusulong ng lokal at panrehiyong kaunlaran, at nagtataguyod ng publikong kagalingan at katarungan. Sa pamamagitan ng pagyakap at pagpatupad ng pamamaraang pangmalawakan sa pámahalaán at lipunan, tinitiyak ng Administrasyon na ang mga target na ito ay makakamit at mararamdaman ng mga ordinaryong mamamayan.

## Pagpapabuti ng mga Serbisyo Publiko at Episyenteng Pamamahala

### Php 8.6 B
### Pagbibigay ng mga Serbisyong Pangkonsulado

Upang maghatid ng mga kinakailangang serbisyo sa mga Pilipino sa ibang bansa sa pamamagitan ng pag-isyu ng mga passport, mga visa, at iba pang mga dokumentong pangkonsulado, bukod sa iba pa

### Php 3.1 B
### Revenue Information Systems Development and Infrastructure Support

Upang isaayos at palawakin ang mga sistema ng Teknolohiyang Pang-impormasyon at Komunikasyon ng Kawanihan ng Rentas Internas upang mapalago pa ang koleksyon ng rentas at mapadali ang mga proseso ng pagsumite at pagbayad ng buwis

### Php 1.9 B
### Philippine Identification System

Upang mapabilis ang rehistrasyon at pamamahagi ng mga National ID at ePhil ID, habang pinabubuti ang akses sa mga serbisyo publiko at mga programa para sa kagalingang panlipunan




### Php 1.4 B
### Non-Intrusive Container Inspection System Project

Upang mapabuti ang mga operasyong pang-adwana at labanan ang smuggling sa pamamagitan ng paglalagay ng mga x-ray scanner sa mga pangunahing pantalan sa buong bansa

### Php 401 M
### Anti-Red Tape Authority

Upang mapabuti ang pagiging episyente at bukas ng pámahalaán sa pamamagitan ng pagpapadali ng mga proseso at pagsuporta sa Ease of Doing Business Act (Batas Republika Blg. 11032)

## Pagsuporta sa Lokal at Panrehiyong Kaunlaran

### Php 1.03 T
### National Tax Allotment

Upang tulungan ang mga lokal na pámahalaáng maipatupad ang kanilang mga programa at mga serbisyo, at mas palakasin ang lokal na pamamahala at paglago ng ekonomiya sa pagtitiyak na kanilang matatanggap ang tamang bahagi ng kanilang buwis mula sa pambansang koleksyon

### Php 23.0 B
### Local Government Support Fund

Upang suportahan ang iba't ibang programa at mga proyekto para sa mga lokal na pámahalaán


### Php 94.4 B
### Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM)

Upang suportahan ang BARMM sa pagkamit nito ng kakayahang magsarili sa ekonomiya, pati na rin ang sustenible at ingklusibong pag-unlad sa rehiyon

### Php 4.3 B
### Local Government Empowerment Program

Upang palakasin ang pamamahala sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga lokal na pámahalaán sa pagpapatupad ng kanilang mga inisyatiba at kilalanin ang mga mayroong natatanging pamamahala

## Pagpapabuti ng Publikong Kagalingan at Katarungan



### Php 70.0 B
### Salary Standardization Law VI

Upang pataasin ang kakayahang makipagsabayan ng sahod sa pámahalaán kompara sa pribadong sektor upang maghikayat, magpanatili, at maglahok ng mga mahuhusay na sibilyang kawani

### Php 30.0 B
### Adjudication Program

Upang masuportahan ang operasyon ng Korte Suprema, mga hukuman ng apelasyon at mga mabababang korte; at tiyakin ang mabisang administrasyon ng hustisya

### Php 15.0 B
### Pambansa at Lokal na Eleksyon

Upang tiyakin ang ligtas at matiwasay na halalang mid-term sa 2025 at isulong ang demokrasya sa pamamagitan ng payapa at maayos na mga proseso ng pagboto

### Php 7.6 B
### Law Enforcement Program

Upang mapabuti ang pagiging episyente ng sistema ng hustisya sa bansa at palakasin ang pagtuklas, imbestigasyon, at pag-uusig ng krimen; at proteksiyón ng biktima/testigo sa ilalim ng Kagawaran ng Katarungan

### Php 9.5 B
### Medikal na Alawans

Upang magsilbing subsidyo sa pag-avail ng mga health maintenance organization (HMO)-type na mga benepisyo para sa pagsulong ng kalusugan ng mga manggagawa

### Php 1.5 B
### Mga Programa Laban sa Korapsiyon

Upang imbestigahan at usigin ang mga sibilyang kawaning kasangkot sa mga ilegal at hindi makatarungang gawain, na nagpoprotekta sa mga mamamayan mula sa mga tiwaling publikong opisyal


# Kapaligiran

Ang 2025 Pambansang Badyet ay nagbibigay diin sa pangako ng pámahalaán sa pangkapaligirang sustenibilidad, katatagang pangklima, at kahandaan sa kalamidad upang matiyak ang malinis at ligtas na kapaligiran para sa kasalukuyan at susunod na mga henerasyon.

## Mga Gugulin para sa Pagbabagong-Klima

| | | |
|---|---|---|
| 2025 | Php 1,156.1 B | 152.7% |
| 2024 | Php 457.4 B | |

Upang pondohan at bigyang priyoridad ang pinagsama-samang mga programa, mga aktibidad, at mga proyekto ng publikong sektor (hal., Pambansang Pámahalaán, mga Korporasyong Pag-aari at/o Kontrolado ng Pámahalaán, mga Pampámahalaáng Unibersidad at Kolehiyo, at mga Lokal na Yunit ng Pámahalaán) na tumutugon sa pagbabago ng klima



## Pagpapabuti ng Kalidad ng Tubig at Hangin

### Php 1.4 B
### Operational Plan para sa Manila Bay Coastal Management Strategy

Upang ibalik ang kalidad ng tubig sa Manila Bay, alinsunod sa Writ of Continuing Mandamus ng Korte Suprema

### Php 355 M
### Water Resources Program

Upang matiyak ang maayos at sustenibleng pamamahala ng mga sistema ng yamang tubig sa buong bansa sa pamamagitan ng pagsasama nito sa mga publikong impraestruktura

### Php 453 M
### Pagpapatupad ng mga Regulasyon sa Malinis na Hangin

Upang pondohan ang pagpapatupad ng Batas Republika Blg. 8749 o ang Philippine Clean Air Act of 1999

### Php 257 M
### Pagpapatupad ng mga Regulasyon sa Malinis na Tubig

Upang suportahan ang epektibong pagpapatupad ng Batas Republika Blg. 9275 o ang Philippine Clean Water Act na nagbibigay ng isang komprehensibong estratehiya sa pagtugon sa pagkasira ng ating mga anyong tubig

# Pagpapalakas ng Kahandaan sa Kalamidad at Pagbabawas ng Panganib

## Php 21.0 B

### National Risk Reduction and Management Fund

Upang pondohan ang mga pagsisikap sa pagbawas, mitigasyon, pag-iwas, pagbangon, at muling pagbuo pagkatapos ng mga sakuna; at tugunan ang epekto ng mga kalamidad na likás o gawa ng tao

*Kung saan:*

**Php 7.7 B**
**Quick Response Fund**


Upang magsilbing nakahandang pondo para sa mga piling ahensiya ng pámahalaán, upang pondohan ang mga inisyatiba para sa pagtulong at pagrerehabilitá tuwing mayroong mga kalamidad at mga sakuna



## Php 700 M

### Green Green Green Program

Upang lumikha ng mas luntian at madaling maakses na mga publikong lugar sa pamamagitan ng pagpapabuti ng mga bukas na mga lugar at pagsusulong ng active mobility



## Php 700 M

### Support and Assistance Fund to Participatory Budgeting

Upang tiyakin ang ligtas at matatag na suplay ng tubig at mga serbisyong pangkalinisan, pati na rin ang pagtatayo ng mga climate-smart evacuation center

## Php 601 M

### Metropolitan Manila Flood Control Program

Upang magpatakbo at panatilihin ang iba't ibang mga impraestruktura, mga pasilidad, mga kagamitan, at mga daanan ng tubig para sa pagkontrol ng baha



## Php 182 M

### Geological Risk Reduction and Resiliency

Upang bigyan ng kapasidad ang mga komunidad sa pag-angkop sa mga peligrong heolohikal sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng datos ukol sa mga mapagkukunan ng tubig mula sa lupa

# Ang 2025 Badyet at ang Ekonomiya

Itinatampok ng 2025 Pambansang Badyet ang pangako ng pámahalaán sa sustenibleng paglago ng ekonomiya at pagiging patas sa lahat. Binibigyang-diin ng planong pampananalaping ito ang pangako ng Administrasyon sa pagpapaunlad ng isang matatag na ekonomiya na nmapapakinabángan ng lahat ng Pilipino, habang tinutugonan ang mga agarang pangangailangan at pangmatagalang layunin sa pag-unlad.

## Mga Makroekonomikong Pagtatáya, 2023-2027

| Mga Detalye | Aktuwal | Naiakma | Mga Target[1/] | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2023 | 2024 | 2025 | 2026 | 2027 |
| Real Gross Domestic Product (GDP) Growth Rate (%)[2/] | 5.5 | 6.0 - 6.5 | **6.0 - 8.0** | 6.0 - 8.0 | 6.0 - 8.0 |
| Inflation Rate (%) | 6.0 | 2.0 - 4.0 | **2.0 - 4.0** | 2.0 - 4.0 | 2.0 - 4.0 |
| 364-Day Treasury Bill (T-Bill) Rate (%) | 6.0 | 5.9 - 6.0 | **4.5 - 5.5** | 4.5 - 5.5 | 4.5 - 5.5 |
| Foreign Exchange Rate (FOREX) (Php/USD) | 55.63 | 57.0 - 57.5 | **56 - 58** | 55 - 58 | 55 - 58 |
| Secured Overnight Financing Rate (SOFR), 6 months (%)[3/] | 5.2 | 4.9 - 5.0 | **3.5 - 4.5** | 3.5 - 4.5 | 3.5 - 4.5 |
| Dubai Crude Oil Price (USD/barrel) | 81.98 | 78 - 81 | **60 - 80** | 60 - 80 | 60 - 80 |
| Paglaki ng mga Eksport (%)[4/] | (4.1) | 4.0 | **6.0** | 6.0 | 6.0 |
| Paglaki ng mga Import (%)[4/] | (5.0) | 2.0 | **5.0** | 8.0 | 8.0 |


*[1/] Mga pagtatáya at target na pinagtibay ng Development Budget Coordination Committee (DBCC) noong Disyembre 2024.*
*[2/] Batay sa 2018*
*[3/] Sa pulong ng DBCC Executive Technical Board noong ika-25 ng Nobyembre 2022, inaprobahan ang SOFR bílang kapalit ng London Interbank Offered Rate (LIBOR) na huminto sa paglalathala noong Hunyo 2023.*
*[4/] Batay sa Balance of Payments Manual 6 (BPM6) concept ng International Monetary Fund*

**Paglago ng Real GDP.** Ang target na paglago sa 2025 ay itinakda sa 6.5% hanggang 7.5%, lalo na't naglaan ang pámahalaán ng Php 1.507 trilyon sa mga proyektong pang-impraestrukturang naglalayon na mapabuti ang koneksiyon, mapalago ang mga aktibidad na pang-ekonomiya, at paglikha ng mga trabaho.

**Antas ng Inflation.** Ang mga target ng inflation sa 2025 ay nananatiling hindi nagbabago sa 2.0% hanggang 4.0%. Ito ay sinusuportahan ng mga maagap na hakbang mula sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) at pinagtulungang mga estratehiya ng pámahalaán.

**364-Day T-Bill Rate.** Ang T-bill rate ay tinatayang hanggang mula 4.5% hanggang 5.5% sa 2025.

**FOREX.** Ang Piso ay inaasahang mananatiling matatag, kung saan mananatili ang target ng peso-dollar exchange rate sa Php 55 hanggang Php 58 kada USD.



**SOFR.** Ang karaniwang SOFR sa loob ng anim na buwan sa 2025 ay nakikitang mananatili sa mas mababang rate na 3.5% hanggang 4.5%.

**Dubai Crude Oil.** Ang presyo kada bariles ng Dubai crude oil ay mananatiling nasa USD 65 hanggang USD 85, malinaw na sumasalamin sa inaasahang pandaigdigang presyo ng langis na krudo sa medium-term.


**Mga Import at Eksport.** Sa pag-asa na mapanatili ng sektor ng Electronics ang malakas na paglago nito sa 2025, ang target na paglago ng mga eksport ng kalakal ay itinakda sa 6.0%. Samantala, inaasahang unti-unting tataas sa 5.0% ang paglago ng mga import ng mga kalakal sa 2025.

# Programang Pampananalapi

Tinitiyak ng mga madiskarteng piskal na target na ang growth-enhancing fiscal consolidation ay nananatiling nasa unahan ng agenda ng Administrasyon. Patuloy na tinitiyak ng pamahalaan na ang mga target ay mas makatotohanan, praktikal, at umaangkop sa mga panlabas at lokal na kaganapan.

## Programang Pampananalapi, 2023-2027

(sa bilyong Piso)




### Rentas

Ang mga kita ng gobyerno ay inaasahang tataas nang tuluy-tuloy sa loob ng medium-term. Sa 2025, ito ay inaasahang aabot sa Php 4.644 trilyon (16.2% ng GDP).


### Pagbabayad

Ang mga pagbabayad ng gobyerno ay inaasahang aabot sa Php 6.182 trilyon, o 21.5% ng GDP, para tumuon sa mga pangunahing publikong impraestraktura at mahahalagang programa sa proteksyong panlipunan, bukod sa iba pa.

## Revenue Levels vs Fiscal Deficits

(% ng GDP)

| Year | Revenue Level | Fiscal Deficit |
|---|---|---|
| 2023 | 15.7 | 6.2 |
| 2024 | 16.7 | 5.7 |
| **2025** | **16.2** | **5.3** |
| 2026 | 16.2 | 4.7 |
| 2027 | 16.6 | 4.1 |



Ang mas mataas na kita ay karaniwang nangangahulugan ng mas maliliit na deficit sa badyet dahil mas maraming pera ang gobyerno para mabayaran ang mga gastusin. Gayunpaman, ang deficit ay maaari pa ring mangyari kung ang paggasta ay masyadong mabilis na lumalaki, hindi nakolekta nang maayos ang mga buwis, o bumagal ang paglago ng ekonomiya. Minsan, ang mga gobyerno ay nangungutang sa mga panahong gipit ang mga ito upang makatulong sa ekonomiya. Ang susi ay pagbabalanse ng kita at mga gastusin para maiwasan ang sobrang utang.

*1/Batay sa mga kasunduan sa ika-189 Pagpupulong ng DBCC noong Disyembre 2024 upang panatilihin ang medium-term fiscal program at PT 2025 BESF level na pinagtibay ng DBCC sa pamamagitan ng Ad Referendum noong Hulyo 2024. Maaaring magbago.*


# Rentas

Upang matulungang pondohan ang lahat ng mga pagsisikap ng pámahalaán na nagpapabuti ng kondisyong pangsósyo-ekonómikó ng bansa, ang inaasahang kabuoang koleksiyon ng rentas para sa 2025 ay umaabot sa Php 4.644 trilyon. Ang halagang ito ay katumbas ng 16.2% ng GDP at Php 225.4 bilyong mas mataas kaysa sa aktuwal na Php 4.419 trilyong koleksiyon ng rentas noong nakaraang taón.

## Kabuoang Rentas, 2023-2028[1/]

Ang pagpapabuti, pag-upgrade, at pagdigital ng sistema ng pagkolekta ng rentas ng bansa ay makatutulong sa pámahalaán na makakuha ng Php 4.644 trilyong rentas para sa 2025, habang nagbibigay-daan sa mas episyenteng paghahatid ng mga publikong kalakal at serbisyo sa mga Pilipino.

**Kabuoang Rentas, 2023-2028**
(sa trilyong Piso)




## Rentas Batay sa Pinagmulan

Ang sumusunod na mga pinagmulan ay gagamitin upang tulungan ang pámahalaán na makamit ang target nitong koleksiyon ng rentas: **Rentas mula sa Buwis** o mga koleksiyon mula sa Kawanihan ng Rentas Internas, Kawanihan ng Adwana, at iba pang mga tanggapan; **Rentas na hindi mula sa Buwis** o mga kita sa mga operasyon ng Ingatang-Yaman ng Pambansang Pámahalaán at Korporasyong Pagaari at/o Kontrolado ng Pámahalaán, mga bayarin at mga singilin, at ibang mga rentas na hindi mula sa buwis; at **Pribatisasyon** o mga koleksiyon mula sa mga pagbenta at pagrenta ng mga ari-arian ng pámahalaán.

**Kabuoang Rentas**

**Php 4.333 T**

| | |
|---|---|
| Rentas mula sa Buwis | Php 4.333 B |
| Rentas na hindi mula sa Buwis | Php 210.8 B |
| Koleksyon sa Pribatisasyon | Php 101.0 B |

*Talâ: Maaaring hindi tumugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.*

*[1/]Batay sa mga kasunduan sa ika-189 Pagpupulong ng DBCC noong Disyembre 2024 upang panatilihin ang medium-term fiscal program at PT 2025 BESF level na pinagtibay ng DBCC sa pamamagitan ng Ad Referendum noong Hulyo 2024. Maaaring magbago.*

# Mga Panghihiram

Ang pámahalaán ay nakatakdang mangutang ng kabuoang Php 2.545 trilyon mula sa mga lokal at mga dayuhang pinagkukunan upang mapanatili ang balanse sa pananalapi at pondohan ang mga pangunahing programa, mga proyekto, at mga aktibidad na magpapalago ng ekonomiya at magpapabuti sa buhay ng mga Pilipino.

## Pagpipinansya ng Pambansang Pámahalaán, 2023-2025 (sa milyong Piso)

| Taón | Kabuoang Panghihiram | Lokal na Pinagkukunan | Dayuhang Pinagkukunan |
|---|---|---|---|
| 2023 (Aktuwal) | 2,193,265 | 1,634,230 | 559,035 |
| 2024 (Aktuwal) | 2,564,515 | 1,923,344 | 641,171 |
| **2025 (Programa)** | **2,545,000** | **2,037,592** | **507,408** |

Ang nakaprogramang kabuoang pautang para sa 2025 ay magmumula sa lokal (Php 2.038 trilyon) at dayuhang pinagkukunan (Php 507.4 bilyon). Kasunod ng 80:20 na paghahalo ng paghiram kung saan ang mga lokal na ay lámang kaysa sa mga banyagang pinagkukunan, ang pámahalaán ay nagbabalak na unti-unting lumipat sa isang 90:10 mix sa medium-term upang mabawasan ang mga panganib ng mga pagbabago sa palitang panlabas.



**Php 2.545 T**

ay makatutulong sa pagpondo ng Php 1.538 trilyong deficit sa badyet na nakatakda para sa 2025.



### Mga Dayuhang Pinagkukunan Php 289.6 B

- Pautang sa mga Programa
- Pautang sa mga Proyekto
- Mga Bond at Iba pang Pinagkukunan



### Mga Lokal na Pinagkukunan Php 1.053 T

- Mga fixed rate treasury bond
- Mga treasury bill

# Siklo ng Badyet

Ang pagbabadyet sa pámahalaáng ay may ng apat na magkakaibang yugto na bumubuo sa Siklo ng Badyet: paghahanda, pagsasabatas, pagpapatupad, at pananagutan. Habang ipinapatupad ng Sangay Ehekutibo ang badyet para sa kasalukuyang taón, pinaplano at inihahanda rin nito ang badyet para sa susunod na taón at tinitiyak na ang mga layunin ay nakamtan sa pamamagitan ng pagsubaybay, pagsusuri, at pag-uulat ng actual performance sa buong taón. Ipinakikita rito ang ideal na iskedyul ng mga gawain na sinusunod ng mga ahensiya ng pámahalaán sa paghahanda ng Pambansang Badyet.

**Simula ▶**

**1.1 | Dis ng NT**
Pag-isyu ng Budget Call

**1.2 | Ene-Peb ng KT**
Pakikilahok ng Mamamayan/Mga Konsultasyon sa Regional Development Council (RDC)


**1.3 | Peb ng KT**
Pagsagawa ng mga pagdinig sa badyet at pagribyu ng Tier I para sa TB

**4.4 | Sa Loob ng Susunod na Taon**
Pagsagawa ng awdit

**4.3 | Ago-Set**
Publikasyon ng Mid-Year Report ng DBCC para sa KT at Year-End Report para sa NT

**4.2 | Kada Buwan ng KT**
Pagpaskil ng mga Disbursement Assessment Report

**4.1 | Kada Kwarter ng KT**
Pagsumite ng quarterly Budget at Financial Accountability Report



**1 Paghahanda**
mula Dis ng NT hanggang Hul/Ago ng KT

**2 Pagsasabatas**
mula Ago hanggang Dis ng KT


*Pinagmulan ng Datos: Joint Circular No. 2017-1 na inilabas noong Hunyo 30, 2017 ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala (Department of Budget and Management), Kagawaran ng Pananalapi (Department of Finance), at Pambansang Pangasiwaan sa Kabuhayan at Pagpapaunlad (National Economic and Development Authority)*

**3.7 | Hul ng KT**
Pagbahagi ng mga NCA sa ikalawang semestre

**3.6 | Ene ng KT**
Pamamahagi ng mga Notice of Cash (NCA) para sa unang semester

**3.5 | Ene ng KT**
Pagsumite ng mga BED na naiakma na batay sa GAA

**3.4 | Ene ng KT**
Paggawad ng mga kontrata



**TB:** Taón ng Badyet
(Kasalukuyang taón + 1 taón)

**NT:** Nakaraang Taón
(Kasalukuyang taón - 1 taón)

**KT:** Kasalukuyang Taón

**1.4 | Mayo ng KT**
Program convergence

**1.5 | Mayo ng KT**
Pagsumite ng mga panukalang badyet sa Tier II para sa TB

**1.6 | Mayo-Hun ng KT**
Pagsagawa ng mga pagdinig sa badyet at pagribyu ng Tier II para sa TB


**1.7 | Hun ng KT**
Konsolidasyon, balidasyon, at kumpirmasyon

**1.8 | Hun ng KT**
Aprobasyon ng panukalang Pambansang Badyet sa Gabinete para sa TB

**1.9 | Hul ng KT**
Pagsumite ng panukalang Pambansang Badyet sa Kongreso

**2.1 | Ago-Nob ng KT**
Mga deliberasyon ng badyet sa Kapulungan ng mga Kinatawan at Senado

**2.2 | Dis ng KT**
Ratipikasyon ng Kapulungan ng mga Kinatawan at Senado ng General Appropriations Bill



## 3 Pagpapatupad
mula Ago ng NT hanggang Hul ng KT

## 4 Pananagutan
mula Ikatlo ng KT hanggang sa susunod na taón

**3.3 | Dis ng NT**
Pagsumite ng ng mga Budget Execution Document (BEDs) batay sa National Expenditure Program (NEP)

**3.2 | Nob ng NT**
Pagsumite ng Monthly Disbursement Program

**3.1 | Ago ng NT**
Maagang gawain sa prokyurment

**2.3 | Dis ng KT**
Pagpapatibay ng General Appropriations Act (GAA)

# Glosaryo

## 1 | Allotment

Ang bahagi ng mga laang-gugulin na nagsisilbing limitasyon ng isang entidad ng pámahalaán at batayan para sa paggawa/pagkakaroon ng mga obligasyon, alinsunod sa layunin, mga kahingian sa dokumentasyon, at sa loob ng nakatakdang panahon na nakasaad sa alinman sa sumusunod na dokumento ng awtorisasyon sa badyet na inisyu ng DBM:

1. General Appropriations Act bílang Allotment Order (GAAAO) para sa tiyak na mga guguling aytem na itinuturing nang naipamahagi sa oras ng pagkabisà ng GAA (hal., "For Comprehensive Release");
2. General Allotment Release Order (GARO) na ibinibigay sa lahat ng pambansang ahensiya ng pámahalaán, sa pangkalahatan, upang magkaroon ng mga bayarin, (hal., Retirement and Life Insurance Premium (RLIP), maliban sa RLIP para sa mga kagawaran/ahensiya na maaaring ibawas sa Special Accounts in the General Funds (SAGFs) at ang mga sakop ng espesyal na kaayusan); at
3. Special Allotment Release Order (SARO) na ibinigay sa mga kinilalang ahensiya upang magkaroon ng mga obligasyon na hindi lalagpas sa nabigay na halaga sa tinukoy na panahon para sa nakasaad na layunin nito. Saklaw nito ang mga gugulin na ang paglabas ay napasasailalim sa pagtalima sa tiyak na mga batas o mga regulasyon, o na nangangailangan ng hiwalay na aprobasyon o clearance ng karampatang awtoridad.

## 2 | Laang-gugulin

Ang isang awtorisasyon alinsunod sa batas o iba pang pagpapatibay ng batas, samakatuwid ay nangangailangan ng aksyon ng Kongreso, na nagdidirekta sa paggasta ng mga publikong pondo para sa isang partikular na layunin, hanggang sa isang tinukoy na halaga sa ilalim ng tinukoy na mga kondisyon.

## 3 | Badyet

Ang badyet ang kabuoang plano ng pámahalaán sa isang taón. Ito ay talahanayan/talatakdaan ng mga gugulin na ibinatay sa konseptong bayarin o salapi at ang kaukulang pinanggagalingan ng pagpopondo, alinman mula sa mga rentas, mga pangungutang, o cash drawdown. Sa hulí, ito ay kasangkapan upang magawa at makamtan ng pámahalaán ang development agenda nito.

## 4 | Budget Deficit Allotment

Isang sitwasyon na ang gugulin ng pámahalaán ay mas malaki sa kíta nito.

## 5 | Cash Budgeting System

Taunang mga laang-gugulin na naglilimita sa pagkuha ng mga obligasyon at pagbabayad para sa mga kalakal na naihatid at mga serbisyong nabigay, nasuri, at natanggap sa loob lámang ng kasalukuyang piskal na taon. Ang mga bayarin para sa mga obligasyon ay maaaring bayáran hanggang sa dulo ng Dagdag na Panahon (Extended Payment Period), ayon sa pahintulot ng GAA.

## 6 | Serbisyo sa Utang


Ang kabuoan ng debt amortization at mga bayad sa interes, kabílang ang mga commitment fee at ibá pang singílin, sa mga lokal at dayuhang utang ng Pambansang Pámahalaán.

## 7 | Pagbabayad

Isang kabayaran/likidasyon/pagbabayad ng isang obligasyon na isinagawa sa kasalukuyan o nakaraang mga taón, na may kinalaman sa salapi o di-salaping mga transaksiyon at sakop ng mga disbursement authority.

## 8 | Expenditure Program

Ang aprobadong ceiling o hanggahan sa mga obligasyon na maaari lámang gastusin ng pámahalaán sa isang itinakdang taón. Ang nasabing ceiling



ay sinusuportahan ng mga tinάyang pinagkukunan ng salapi.

## 9 | Klasipikasyon ng Gugulin

Ang mga klasipikasyon ng gugulin sa ilalim ng sumusunod na mga kategorya:

1. Serbisyong Pangkawani (SP)
2. Pangangasiwa at Ibang Gastos sa Operasyon (MOOE)
3. Mga Gastusing Pampinansiya (FinEx)
4. Mga Capital Outlay (CO)

## 10 | Patakarang Pampananalapi

Ang bahagi ng patakaran ng pámahalaán na may kinalaman sa paglikom ng yaman sa pamamagitan ng pagbubuwis at panghihiram at pagpapasiya tungkol sa antas at pattern ng paggugol.

## 11 | Gross Domestic Product (GDP)

Ang kabuoan ng kabuoang halaga na idinagdag sa lahat ng mga resident producer unit dagdag ang bahagi (maaaring ang kabuoan) ng mga buwis sa mga produkto, na babawasan ng subsidyo sa mga produkto, na hindi kabílang sa pagbibigay halaga ng output. Ang GDP ay tumutukoy lámang sa kabuoang halaga ng mga produkto at serbisyong ginawa sa isang bansa sa isang partikular na nakatakdang panahon, tulad ng isang kwarter o isang taón. Ang antas ng paglago ng GDP na ibinagay sa mga presyo ay maaaring gamitin bílang sukatán ng pagsulong ng ekonomiya o pag-unlad ng isang bansa.

## 12 | Inflation

Ito ay tumutukoy sa antas ng pagbabago sa karaniwang presyo ng mga bilihin at serbisyo na kadalasang binibili ng mga mamimili.

# Itanong sa Pámahalaán

Upang magbigay ng ákses sa impormasyon, palakasin ang pakikilahok ng mamamayan, at magbukas ng higit pang mga paraan para sa publikong tulong, ang mga contact number ng mga pilíng ahensiya ng pámahalaán ay makikita sa ibaba. Makilahok sa pamamagitan ng pagtawag o pag-e-mail para sa karagdagang kaalaman.

**Tanggapan ng Pangulo**
Presidential Action Center
8249-8310 loc. 8164
www.op-proper.gov.ph

**Tanggapan ng Pangalawang Pangulo**
Dibisyon ng Ugnayang Pampubliko
8532-5942
www.ovp.gov.ph

**Kagawaran ng Agrikultura**
Tanggapan ng Ugnayang Pampubliko
8928-8741 to 64 loc. 2136
www.da.gov.ph

**Kagawaran ng Eduksyon**
Sentro ng Aksiyon sa Tulong Publiko
8636-1663; 8633-1942
action@deped.gov.ph
www.deped.gov.ph

**Kagawaran ng Kapaligiran at Likás Na Yaman**
Estratehikong Pangkomunikasyon
8920-2211; 8926-1004
www.denr.gov.ph

**Kagawaran ng Ugnayang Panlabas**
Migrant Affairs
8834-4238
ouma@dfa.gov.ph
www.dfa.gov.ph

**Kagawaran ng Kalusugan**
Malasakit Program Office
8651-7800 loc. 1812, 1805, 1813
www.doh.gov.ph

**Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal**
Serbisyo para sa Ugnayang Pampubliko at Komunikasyon
8876-3454 loc. 5701; 8925-0349
www.dilg.gov.ph

**Kagawaran ng Katarungan**
DOJ Action Center (DOJAC)
8927-6842
dojac@doj.gov.ph
www.doj.gov.ph

**Kagawaran ng Paggawa at Empleo**
Serbisyong Pang-Impormasyon at Publikasyon
1349 (DOLE Hotline); 8527-3000 loc. 624, 625
www.dole.gov.ph

**Kagawaran ng mga Migranteng Manggagawa**
Aksyon Unit
8723-6505
www.dmw.gov.ph

**Kagawaran ng mga Pagawaing Bayan at Lansangan**
Serbisyong Pang-Stakeholder Relation
5304-3532
www.dpwh.gov.ph

**Kagawaran ng Agham at Teknolohiya**
Tanggapan ng Ugnayang Pampubliko at Karaingan
8837-2071 to 82 loc. 1070
www.dost.gov.ph

**Kagawaran ng Turismo**
Estratehikong Pangkomunikasyon at Ugnayang Pampubliko
8459-5200 to 30 loc. 305
www.tourism.gov.ph

**Kagawaran ng Kalakalan at Industriya**
DTI Direct/Customer Contact Center
1-DTI (1-384); (0917) 834-3330
ASK@dti.gov.ph
www.dti.gov.ph

**Kagawaran ng Transportasyon**
Sentro ng Aksiyon sa Tulong Pampubliko
8790-8400 loc. 1010
publicassistance@dotr.gov.ph
www.dotr.gov.ph

*Para sa kumpletong listahan ng mga contact number, maaari ring bisitahin ang dbm.gov.ph para sa Philippine Government Directory of Agencies and Officials.*

# Mga Off-Budget Account

Ang isa pang pinagkukunan ng koleksiyon ng pámahalaán ay ang mga Off-Budget Account (OBA). Ang mga ito ay nakategorya bílang retained income/receipt, mga revolving fund, at mga resibo mula sa panghihiram ng Kawanihan ng Ingatang-Yaman. Bagaman hindi ito bahagi ng Pambansang Badyet, ito ay sumasailalim pa rin sa pag-awdit ng Komisyon sa Awdit.

## Kabuoang mga Off-Budget Account, 2023-2025
*(sa bilyong Piso)*

| | 2023 Aktuwal | 2024 Programa | 2025 Pinagtibay |
|---|---|---|---|
| **Koleksiyon** | 142.8 | 139.0 | 142.2 |
| **Gugulin** | 117.7 | 126.8 | 127.7 |

Ang ilang ahensiya ng pámahalaán ay pinahintulutan ng batas na kumuha ng mga karagdagang rentas para sa mga partikular na layunin. Sa 2025, ang mga koleksiyon mula sa OBA ay inaasahang aabot sa Php 142.2 bilyon upang madagdagan ang Php 127.7 bilyon na paggasta ng pámahalaán.

## Mga Pangunahing Off-Budget Account batay sa Uri ng Paggugol

### Php 38.5 B
### Kagawaran ng Kalusugan
Sinasaklaw ang mga bayarin sa ospital, pagbebenta ng mga gamot, kita mula sa upa/pag-upa, at iba pang kita sa negosyo, bukod sa iba pa

### Php 36.3 B
### Mga Pampámahalaáng Unibersidad at Kolehiyo
Sinasaklaw ang matrikula at koleksyon mula sa mga mag-aaral, bukod sa iba pa

### Php 14.9 B
### Ang Hudikatura
Sinasaklaw ang mga alawans para sa mga mahistrado at mga hukom, pagsasauli ng mga piyansa, at mga guguling nauugnay sa serbisyo ng mga dokumentong pang-extraterritorial judicial, bukod sa iba pa

### Php 5.2 B
### Kagawaran ng Edukasyon
Sinasaklaw ang mga gugulin sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga pasilidad, bukod sa iba pa

### Php 4.6 B
### Kagawaran ng Pananalapi
Sinasaklaw ang mga bayarin sa fuel marking, mga gastos ng opisina, at pagpapanatili ng gusali, bukod sa iba pa

### Php 4.0 B
### Kagawaran ng Paggawa at Empleo
Sinasaklaw ang pondo para sa mga proyektong pangsósyo-ekonómikó, bahagi ng mga manggagawa sa pagtaas ng produksiyon ng asukal, at pagpapatupad ng resulta ng mga kaso ng paggawa, bukod sa iba pa

*Talâ: Ang mga halagang nakasaad ay batay sa FY 2025 BESF Talahanayan B. 16*

Kagawaran ng Badyet at Pamamahala
Publikasyon ng 2025 Pinagtibay na Badyet ng Bayan

# Survey Feedback Form

**Pangalan** (Opsiyonal): ____________________

**Organisasyon** (Kasáma ang posisyon): ____________________

**Mga Detalye ng Kontak:** ____________________

**Sektor** (Lagyan ng tsek): ☐ NGA ☐ CSO ☐ LGU ☐ Academe ☐ SUC ☐ Media

☐ Iba pa (Tukuyin): ____________________

## Panuto:

Mangyaring paki-rate ang inyong karanasan sa pagbabasa ng publikasyong ito gamit ang rating scale sa ibaba. Makatutulong ang inyong tapat na puna sa aming paraan ng paghahain ng Pambansang Badyet sa mga susunod na isyu.

**1** Lubos na Hindi Sumasang-ayon
**2** Hindi Sumasang-ayon
**3** Nag-aalinlangan
**4** Sumasang-ayon
**5** Lubos na Sumasang-ayon

### Impormatibo ba ang publikasyong ito?

Makabuluhan at impormatibo ang sumusunod na seksiyon::

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang 2025 Pinagtibay na Pambansang Badyet | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Mga Priyoridad sa Paggugol | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Pagpipinansiya sa Pambansang Badyet | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Ang mga Batayang Kaalaman sa Pagbabadyet | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

### Madali bang maunawaan ang publikasyong ito?

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Lohiko at maayos na nakaorganisa ang nilalaman. | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Madali kong nauunawaan ang wika. | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Nakatutulong ng mga graph, mga talahanayan, at mga ilustrayon sa higit na pag-unawa sa mga teksto. | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

### Madali bang basahin ang publikasyon?

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang mga font, mga graph, at mga chart na ginamit ay malinaw. | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Ang kombinasyon ng mga kulay ay kaakit-akit. | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Ang layout ng publikasyon ay kaaya-aya sa paningin. | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

(Magpatuloy sa susunod na pahina)

## Iba pang komentaryo at mungkahi:

Halimbawa, aling bahagi o mga bahagi ng publikasyon ang nakikita ninyong pinakamakabuluhan/pinakamahina. O paano ninyo gagamitin ang publikasyong ito?

Matapos sagután ang form na ito, maaari itong isumite sa pamamagitan ng:

**Koreo**

Naka-address sa Advocacy, Communications, and Training Service,
Department of Budget and Management,
General Solano St., San Miguel, Manila 1005.

**Email**

I-scan o kuhanan ng malinaw na retrato at ipadala sa
publications_division@dbm.gov.ph

Maaari ring ninyong sagutan ang survey na ito gamit ang link na:
**bit.ly/2025BadyetNgBayan**
o pag-scan nitong QR code:



# 2025 Pinagtibay na Badyet ng Bayan


Ginawa ng Serbisyong Pang-adbokasiya, Komunikasyon, at Pagsasanay (ACTS)
ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala

Pangalawang Kalihim Margaux V. Salcedo
Kawaksing Kalihim Diana C. Camacho-Mercado

John E. Lansangan
Ria Consuelo C. Mendoza
Mark Angelo R. Dator
Pierre Angelica C. Rañon
Ma. Soraya E. Salvador
Cedric Allen U. Katigbak



**Pinagkuhanan ng Datos**
Kawanihan ng Badyet at Pamamahala A-F
Kawanihang Teknikal ng Badyet
Kawanihan sa Pagpaplano sa Pananalapi at Reporma
Local Government and Regional Coordination Bureau
Kawanihan ng Pámahalaáng Lokal at Regional Coordination

**Kagawaran ng Badyet at Pamamahala**


© Mayo 2025
Reserbado ang lahat ng karapatan.

DEPARTMENT OF BUDGET AND MANAGEMENT

1936